COLGATE-PALMOLIVE COMPANY

# *Koda ng Pag-aasal*

## Pagsasapamuhay Ng Ating Mga Pinahahalagahan

# TAYO

**ANG KAPANGYARIHAN NATIN**

# *Isang mensahe mula sa ating Chairman, Presidente at CEO*

Ginabayan ng ating Koda ng Pag-aasal ang mga tauhan ng Colgate nang mahigit sa 30 taon ng mga prinsipyo na nagpapakita ng ating mga pinahahalagahan at nagtatakda ng mga pamantayan para sa ating pag-uugaling etikal. Bagama't hindi nawawala ang ating mga pinahahalagahan at mga prinsipyo, regular na ina-update ang Koda para masiguro na natutugunan nito ang nagbabagong konteksto ng ating negosyo. Ang responsibilidad natin bilang Mga Tauhan ng Colgate, saanman sa mundo tayo nagtatrabaho, ay upang siguraduhin na ang ating pag-uugali at mga desisyon ay laging naaayon sa ating Koda.

Nagdala ang taong ito ng mga bagong kahirapan at oportunidad na nakaaapekto sa lahat ng aspeto ng ating buhay, kabilang ang mga paraan kung paano tayo nagtatrabaho. Ang remote work o pagtatrabaho nang malayo sa pinagtatrabahuhan ay magpapatuloy na maging isang mahalagang bahagi ng kung paano natin nakukumpleto ang mga gawain. Ngunit, hindi natin dapat payagan na makaapekto ang distansiya sa ating magkabahaging pananagutan sa etikal na pag-uugali. Inaatasan ang lahat ng Mga Tauhan ng Colgate na basahin, unawain at lubos na sundin ang ating Koda. Ikaw ay inaasahan ding "Magsalita," at hamunin ang mga pag-uugali na kasalungat sa ating Koda, sa ating mga patakaran o sa naaangkop na mga batas. Sinisiguro ng mga pangakong ito na lahat ng ating mga desisyon sa trabaho — o mga personal na desisyong nakakaapekto sa ating trabaho — ay ginagabayan ng ating responsibilidad na kumilos nang may integridad at pinakamataas na etikal na pamantayan.

Nais manalo ng mga tauhan ng Colgate dahil ang ating layunin ay lubos na mahalaga: ating muling pinag-iisipan ang isang mas malusog na hinaharap para sa lahat ng tao, ang kanilang mga alagang hayop at ang ating planeta. Malaking kasiyahan ang ating nararamdaman mula sa ating mga resulta ng negosyo at pati na rin sa paraan na nakakamit natin ang mga resultang iyon. Bilang isang pandaigdigang Kumpanya na gumagana sa isang lubos na kompetitibong lugar ng merkado, ang puwersa na dulot ng negosyo ay kabilang sa teritoryo. Ngunit kahit kailanman katanggap-tanggap na iwasan ang mga kinakailangang gawin o lumabag sa Koda ng Pag-aasal para lamang mapadali ang isang tungkulin.

Salamat nang maaga para sa inyong pagbibigay-paninindigan sa ating mga pinahahalagahan at sa pagbibigay-pangako na isulong ang ating layunin nang may pinakamataas na mga pamantayan ng etika na siyang lubos na mahalaga para sa ating patuloy na tagumpay sa negosyo.

Noel Wallace
Chairman, Presidente at CEO

*"Naka-base ang ating tagumpay sa ating kakayahan na Mapanatili ang Pinakamataas na mga Pamantayan ng Etika sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay sa tamang paraan".*

# Mga nilalaman


*Tungkol sa Koda ng Pag-Aasal* 4

*Mga nagbibigay-kakayahan sa paggawa ng desisyong etikal* 5

*Mga gabay para sa pagsasagawa ng negosyo* 6

*Ang ating layunin at mga pinahahalagahan* 7

*Ang ating responsibilidad para sa Koda ng Pag-aasal* 9

**ANG ATING MGA PAKIKIPAG-UGNAYAN**

*Ang pakikipag-ugnayan natin sa isa't isa* 11

*Ang pakikipag-ugnayan natin sa kumpanya* 14

*Ang pakikipag-ugnayan natin sa mga tagalabas na entidad ng negosyo* 25

*Ang pakikipag-ugnayan natin sa mga gumagamit ng produkto* 28

*Ang pakikipag-ugnayan natin sa batas* 31

*Ang pakikipag-ugnayan natin sa lipunan* 39

*Ang pakikipag-ugnayan natin sa kapaligiran* 42

*Ang pakikipag-ugnayan natin sa mga may-ari ng sosyo* 44

**MAGSALITA**

*Ang ating responsibilidad para magsalita* 46

# *Tungkol sa Koda ng Pag-Aasal*

Ang ating Koda ng Pag-aasal ay nagsisilbing mahalagang dulugan upang masiguro na ang ating mga pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa negosyo ay isinasagawa nang may integridad. Malinaw na ipinararating ng Koda sa bawat isa sa atin na ang paraan kung paano natin nakakamit ang mga resulta ng ating negosyo ay makabuluhan. Ang Koda ay naaangkop para sa lahat ng mga tauhan ng Colgate, kabilang ang mga direktor, opisyal ng korporasyon at lahat ng mga empleyado ng Kumpanya at ang mga subsidyariya nito. Ang mga vendor at mga supplier ay nakapailalim din sa mga katulad na iniatas na ito, sapagkat ang pagsunod sa Koda ng Pag-aasal ng Ikatlong Partido ng Colgate ay isang kondisyon sa pagsasagawa ng negosyo sa Colgate.

Ang bawat empleyado ay may responsibilidad sa pagsunod sa Koda, sa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo, sa mga patakaran ng Kumpanya at sa lahat ng mga naaangkop na batas. Sa pamamagitan ng ganap na pagsasama ng etika at integridad sa ating mga nagtutuloy-tuloy na pakikipag-ugnayan sa negosyo at paggawa ng desisyon, nagpapakita tayo ng isang paninindigan sa isang kultura na nagsusulong ng pinakamatataas na pamantayang etikal.

Dedikado ang Colgate na bumuo ng isang lugar sa trabaho na malaya sa mga hindi naaangkop o labag sa batas na pag-uugali, na kung saan ang mga tao ay hinihikayat na ibahagi ng kanilang mga alalahanin sa Kumpanya nang walang pagkatakot na baka sila ay gagantihan o babalikan. Sa Colgate, walang taliwas na aksiyon na gagawin laban sa sinumang empleyado, dating empleyado, ahente o taga-ikatlong panig dahil sa pagrereklamo tungkol sa, pag-uulat ng, pagsali o pagtulong sa imbestigasyon ng isang pinaghihinalaang paglabag sa Koda ng Pag-Aasal ng Kumpanya, sa patakaran ng Kumpanya o sa mga naaangkop na batas, maliban na lamang kung ang paratang o ang ibinigay o inilaan na impormasyon ay nadiskubreng sinadyang hindi totoo o kaya ay ginawa para sa isang hindi mabuting layunin. Sa abot-makakaya, pananatilihin ng Colgate na lihim ang lahat ng mga reklamo. Ang lahat ng mga paratang ng pagganti ay iimbestigahan, at kung naaangkop, magpapataw ng isang pagkilos na pang-disiplina, na aabot sa, at kabilang ang, pagkatanggal sa trabaho.

Matatagpuan ang Koda sa online at naisalin na ito sa apatnapu't-dalawang mga wika. Ang lahat ng mga tauhan ng Colgate ay inaatasang basahin ng Koda, at unawain at sundin ito. Upang bigyang-diin ang ating pangako, ang mga tauhan ng Colgate ay nakakatanggap ng patuloy na pagsasanay sa Koda at kinukumpirma ang kanilang pagsunod sa Koda sa taunang batayan.

# *Mga nagbibigay-kakayahan sa paggawa ng desisyong etikal*

Ang pagsunod sa Koda ay mas madaling matitiyak sa pamamagitan ng paggamit ng mahusay na paghuhusga at pangangalap ng gabay kung nagkakaroon ng mga tanong. Kung hindi ka nakakatiyak sa isang tukoy na pagkilos, tanungin mo muna sa iyong sarili ang mga sumusunod:




Kung mayroon kang anumang mga katanungan o mga alalahanin tungkol sa pagbibigay-kahulugan o sa pagsunod sa Koda, sa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo o sa anumang mga patakaran o pamamaraan na may kaugnayan sa Colgate, dapat mong sabihin ang sitwasyon sa iyong manager, sa Human Resources, sa Global Legal Organization o sa Global Ethics & Compliance.

# *Mga gabay para sa pagsasagawa ng negosyo*

Ang mga gabay para sa pagsasagawa ng negosyo (Business Practices Guidelines, o mga BPG) ng Colgate ay maaaring magamit ng mga empleyado na idinisenyo upang makapagbigay ng karagdagan pang, at mas detalyadong patnubay sa mga kaugnay na mga gabay, pamantayan, patakaran, at pagsasagawa ng Kumpanya. Ang mga BPG ay naaangkop para sa lahat ng mga tauhan ng Colgate, kabilang ang mga direktor, opisyal ng korporasyon at lahat ng mga empleyado ng Kumpanya at ang mga subsidyariya nito.

Kung mayroon kang mga katanungan o kaya ay may pagdududa tungkol sa alinmang aspeto ng mga BPG, o sa alinmang kaugnay na mga patakaran o naaangkop na mga batas, dapat kang makipag-ugnayan sa Global Legal Organization, Global Ethics and Compliance, Human Resources o sa iyong manager.

Upang malaman ang higit pa, maaaring makuha ng mga tauhan ng Colgate ang **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo dito**.

# *Ang ating layunin at mga pinahahalagahan*

# *Ang arkitektura ng kultura ng Colgate*

**LAYUNIN: Bakit tayo naririto**

Tayo ay Colgate, isang mapag-alaga at mapag-bago sa paglagong kumpanya na muling pinag-iisipan ang isang mas malusog na hinaharap para sa lahat ng tao, ang kanilang mga alagang hayop at ang ating planeta.

**MGA PINAHAHALAGAHAN: Sino tayo**

| Tayo Ay Mapag-alaga | Tayo Ay Inklusibo | Tayo Ay Matapang |
|---|---|---|
| Nagkakaisa tayo sa pagsusumikap na gawing isang mas mabuting lugar ang mundo | Gumagawa tayo ng isang kapaligiran ng pakikipagsama-sama para sa lahat | Isinusulong natin ang mga pagbabago at isinasakatuparan ang mga gawain |

**MGA PRINSIPYO SA PAMUMUNO: Papaano tayo namumuno**

| Pagpapalago ng Pagtitiwala | Gawin ang Hinaharap | Isagawa ang Epekto |
|---|---|---|
| Makinig nang may pag-uunawa sa mga nararamdaman ng iba | Sundan ang ating pagiging pagkamausisa | Magbigay ng kalinawan |
| Magsalita nang matapat | Matapang na magbago | Angkinin ang pagmamay-ari |
| Magkakasamang lumago | Kilalanin ang pag-unlad | Gawin ang nararapat |

**F.E.E.D.: Paano tayo nagtatrabaho**

| Nakatuon (Focused) | Binigyang-kapangyarihan (Empowered) | Nag-e-eksperimento (Experimental) | Digital |
|---|---|---|---|
| sa ating estratehiyang mga prayoridad | at may pananagutang mga pangkat | upang mapabilis ang pagbabago at pagkatuto | konektado at nakabase sa data |

# *Ang ating responsibilidad para sa Koda ng Pag-aasal*

## Ang tungkulin ng lahat ng mga tauhan ng Colgate:

- Ipakita ang mga Pinahahalagahan ng Colgate
- Panatiliin ang pinakamataas na pamantayang etikal at magpakita ng etikal na pamumuno.
- Maging pamilyar ka at sundin ang mga patakaran, Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo at ang Koda ng Pag-aasal ng Colgate.
- Iturin ang iyong sarili at ang iyong mga kasamahan bilang may pananagutan para sa mga etikal na pag-uugali. Hamunin ang pag-uugaling kasalungat sa mga patakaran ng Colgate o ng Koda ng Pag-aasal.
- Huwag kailanmang paghihigantihan ang kasamahan sa trabaho na nagsalita tungkol sa isang isyu o alalahanin.
- Kung hindi ka sigurado, magtanong at kumunsulta sa iyong Manager, sa Human Resources, sa Global Legal Organization, o sa Ethics and Compliance.

## Ang tungkulin ng mga tagapamahala ng tauhan ng Colgate:

Umaasa kaming responsableng mamuno ang mga tagapamahala ng mga tauhan ng Colgate sa pamamagitan ng pagtatakda ng halimbawa at pagpapakita ng mabuting pag-dedesisyon. Kabilang sa iyong mga responsibilidad bilang tagapamahala ng mga tauhan ng Colgate ang:

- Pagtataguyod ng tamang halimbawa sa pamamagitan ng pagkilos nang may integridad, pagtrato ng ibang tao nang may respeto at pagsisilbi bilang isang modelo ng pinakamataas na pamantayan ng etika.
- Pagbibigay-diin ng kahalagahan ng mga etikal na pinahahalagahan at ang pangako ng Kumpanya sa pag-uugaling etikal.
- Pagpapanatili ng isang patakaran na “bukas na pintuan”.
- Pagbuo ng isang positibong kapaligiran sa trabaho na kung saan ang iyong pangkat ay kumportableng lapitan ka kung sakaling mayroon silang mga alalahanin, upang humingi ng payo o kaya mag-ulat ng pinaghihinalaang maling pag-uugali.
- Muling pagpapatibay ng patakaran na hindi gaganti ng Kumpanya.
- Kung hindi ka sigurado, kunsultahin ang iyong Manager, Human Resources, ang Global Legal Organization, o ang Ethics and Compliance.

# *Ang pakikipag-ugnayan natin sa isa't isa*

## Nagsusumikap tayo upang magkaroon ng matatagumpay na pakikipag-ugnayan

Bumubuo tayo ng matagumpay at pangmatagalang relasyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga pinahahalagahan ng Kumpanya, at sa pamamagitan ng pagpapanatili ng isang kultura ng respeto.

Sa Colgate, lubos nating ikinagagalak ang matibay na personal na paninindigan ng ating mga tauhan. Ang antas ng paninindigan na ito ay makakamit lamang sa isang kapaligirang may umiiral na tiwala, bukas, at matapat na pakikipag-usap, at respeto. Ang lahat ng iyong mga pakikitungo sa iyong mga kasamahan, sa iyong mga direktang pag-uulat at sa iyong mga superbisor ay dapat gawin bilang isang pagkakaisa, kung saan ang pag-uugali ng bawat indibidwal ay pinamamahalaan ng isang nag-uumapaw na paninindigan sa ating mga pinahahalagahan at sa pagpapanatili ng pinakamatataas na pamantayan ng etika.

Ipinagdiriwang natin ang grupo ng mga manggagawa na naglalarawan ng pagkakaiba-iba ng daigdig na ating pinagsisilbihan. Kinikilala natin ang maraming mga kalakasan at kagalingan na dinadala ng ating magkakaibang mga grupo ng manggagawa sa organisasyon. Ang ibig sabihin nito ay pagiging handa na tanggapin ang mga ibang pananaw at pagbibigay-respeto sa mga kultura, opinyon at mga uri ng pamumuhay na maaaring kakaiba sa iyo.

Ang iyong pakikipag-ugnayan sa iyong mga katrabaho ay dapat na magsulong ng pag-uugaling etikal sa pamamagitan ng pagtatakda ng halimbawa ng pagiging disente, pagiging patas at ng integridad. Bilang mga pinuno, responsibilidad nating lahat na panatilihin ang mataas na mga pamantayan ng pagganap sa trabaho at paglikha ng isang kapaligirang nagsusulong ng pagtutulungan, isang magalang na lugar ng trabaho at may etikal na pag-uugali.

## Pinahahalagahan natin ang mga tauhan ng Colgate

Ang paninindigan ng Colgate sa ating mga tauhan ay ipinapakita sa pamamagitan ng maraming iba't ibang mga programa na idinisenyo upang maisulong at magantimpalaan ang mga nakakamit ng isang indibidwal o ng isang pangkat. Hinihikayat ka na makamit ang ganap mong potensiyal at magbigay ng isang makabuluhang kontribusyon sa tagumpay ng Kumpanya. Sa pagtatapos, Ang Kapangyarihan Natin ang dahilan kung bakit nagiging posible ang tagumpay ng ating Kumpanya.

*Ipinagbabawal ng Colgate-Palmolive Company ang diskriminasyon laban sa sinumang empleyado o aplikante sa pag-empleyo base sa:*

- Lahi o Etnisidad
- Kulay
- Relihiyon
- Kasarian o Pagkakakilanlan ng Kasarian
- Bansang Pinanggalingan
- Pagkamamamayan
- Edad
- Pagiging Buntis
- Oryentasyong Sekswal
- Kapansanan
- Katayuan Bilang Beterano
- Katayuan sa Pag-aasawa o ng Pamilya
- Katayuan Bilang Biktima ng Domestikong Karahasan
- Anumang iba pang katangiang protektado ng batas

Kabilang na rito ang, ngunit hindi limitado sa, pag-recruit, pag-hire, pag-promote sa trabaho, paglilipat, kabayaran, pagsasanay, pagbababa ng posisyon (demotion) o pagtatanggal sa trabaho (layoff).

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa **Oportunidad sa Patas na Pag-empleyo at Patakaran Laban sa Panliligalig ng Kumpanya** sa ourcolgate.com.

Ang halaga ng pagsasama ay nakikita sa kultura ng Kumpanya, mga kagawian at respeto sa mga patakaran sa lugar ng trabaho. Ipinananatili natin ang isang lugar na pinagtatrabahuhan na ang lahat ng tao ay tinatanggap at ating nakakamit ang pinakamahusay na layunin sa pamamagitan ng pag-akit at pagpapanatili ng mga taong may iba't ibang kasanayan sa ating lakas-manggagawa. Pinahahalagahan ng ating Kumpanya ang pagkakaiba-iba at dedikado sa isang lugar na pinagtatrabahuhan na kung saan ang mga empleyado ay patas at magkakapantay-pantay ang pagtrato ng kapwa namamahala at mga katrabaho at hinihikayat na ipahayag ang kanilang mga ideya at opinyon. Inaasahan natin na pananatilihin ng lahat ng ating mga empleyado ang ating pangako sa isang kultura na kung saan ang magagalang na pag-uugali ang pamantayan. Alamin ang higit pa tungkol sa ating mga inisyatiba tungkol sa pagkakaiba-iba sa pamamagitan ng pagsangguni sa **Pag-uulat ng Kumpanya Tungkol sa Pagkakaiba-iba, Pagiging Patas at Pagsasama-sama**.

- Ipinagbabawal natin ang sekswal o anupamang ibang uri ng panliligalig sa mga tauhan ng Colgate o sa mga ikatlong partidong nakikipagkalakalan sa Colgate ng sinumang tao sa lugar ng trabaho, o habang nagsasagawa ng negosyo ng Kumpanya, sa pagsunod sa naaangkop na batas.
- Ipinagbabawal natin ang pagkakaroon ng may pinapaboran o magmukhang parang may paborito o may pinapaboran sa lugar ng trabaho, alinsunod sa mga patakaran at pamamaraan ng Kumpanya.
- Hindi tayo nagpapatrabaho ng mga bata. Ang ibig sabihin ng pagpapatrabaho ng mga bata ay ang pag-eempleyo ng sinumang tao na ang edad ay mas mababa pa sa pinakamababang edad na pinapayagan ng batas sa sakop na hurisdiksyon. Gayunpaman, kahit kailan ay hindi natin sasadyaing magbigay ng trabaho sa sinuman na alam natin ay mas mababa pa sa labing-anim (16) na taong-gulang.
- Pinagsusumikapan natin na alisin ang lahat ng mga posibleng panganib sa lugar ng trabaho at sumusunod tayo sa lahat ng mga naaangkop na batas at pamantayan sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho.
- Ipinagbabawal natin ang pagdadala, paggamit, pagbebenta o paglilipat ng mga bawal na droga o mga parapernalya ng droga at ang maling paggamit ng mga de-resetang gamot sa lugar na pag-aari (kabilang ang mga sasakyan) o sa oras ng pagtatrabaho sa Kumpanya;
- Ipinagbabawal natin ang pagsasagawa ng negosyo ng Kumpanya habang nasa ilalim ng impluwensiya ng alak o iba pang mga droga.
- Inaatasan natin na ang anumang pang-aabuso sa droga o alkohol sa lugar ng trabaho, mga karahasan o pagkakaroon ng labag sa batas na armas sa lugar o oras ng Kumpanya ay dapat na kaagad na sabihin sa Human Resources, Global Security, sa Global Legal Organization, Global Ethics & Compliance o sa tagapamahala.
- Ipinagbabawal natin ang pagdala o paggamit ng mga armas/sandata, mga aparatong sumasabog o mga bala sa lugar na nasasakupan ng Kumpanya o habang nagsasagawa ng negosyo ng Colgate, sa ilalim ng lokal na batas. Ang pagdadala ng isang sandata ay maaaring ipahintulot para sa mga tauhang pang-seguridad kung ang naturang pagdadala ay nalaman na kailangan upang masiguro ang kaligtasan at seguridad ng Colgate at ng mga tao.
- Ipinagbabawal natin ang anumang pagkilos na maaaring maituring na bilang marahas, mapagbanta, nakakainsulto, nakakatakot o maaaring magresulta na makaramdam ang isang indibiduwal na siya ay hindi ligtas.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa mga pagbabanta o pagkilos ng karahasan na nakakaapekto sa lugar ng trabaho, kausapin kaagad ang Global Security sa +1 212-310-3333.

# *Ang pakikipag-ugnayan natin sa kumpanya*

Lumalakas tayo bilang resulta ng pagkilos nang mga integridad at katapatan sa lahat ng mga sitwasyon na kung saan tayo ay may ginagawa sa ngalan ng Kumpanya.

## Iniiwasan natin ang mga salungat sa interes

Ang iyong paghuhusga ay isa sa iyong pinakamahalagang katangian. Dapat mong iwasan ang anumang aktibidad o ugnayan na kasalungat sa o mukhang kumu-kompromiso sa hindi mo pagkiling o sa paggamit ng independiyenteng pag-dedesisyon sa pagsasagawa ng negosyo para sa o sa Kumpanya. Ang mga alitan ay maaaring mangyari sa maraming sitwasyon. Imposibleng masakop ang lahat ng mga iyon dito, at hindi palaging madali na kilalanin kung alin ang gawaing angkop at hindi naaangkop. Kung sakaling hindi sigurado, kunsultahin ang iyong Manager, ang Human Resources, ang Global Legal Organization o ang Global Ethics & Compliance bago gumawa ng anumang pagkilos.

## Investments (Pamumuhunan)

Huwag gumawa ng anumang mga pamumuhunan na maaaring maka-apekto sa iyong mga desisyon sa negosyo. Ipinagbabawal ng patakaran ng Kumpanya na ang mga tauhan ng Colgate ay magmay-ari ng lubos na maraming mga stock o magkaroon ng propriyetaryong interes sa isang Kumpanya na kakompitensiya ng o nakikipag-negosyo sa Colgate. Ang pagbabawal na ito ay hindi ilalapat sa pagmamay-ari ng stock na maliit lamang ang halaga (sa pangkalahatan ay mababa pa sa 1%) ng stock na ikinakalakal sa publiko, basta't ang puhunan o investment ay talaga namang kulang sa halaga na kung saan hindi nagmumukhang may salungat na interes. Kung ikaw ay nakagawa na ng potensyal na ipinagbabawal na pamumuhunan bago sumali sa Colgate, mangyaring makipag-ugnayan sa Global Legal Organization o sa Global Ethics and Compliance.

## Pamilya

Maaaring makita mo ang sarili mo sa sitwasyon kung saan ang iyong asawa o iba pang malapit na miyembro ng pamilya ay (o nagtatrabaho sa) isa sa mga kakompitensiya, mamimili o supplier ng Colgate. Ang mga naturang sitwasyon ay hindi ipinagbabawal, ngunit nangangailangan ito ng karagdagang pag-iingat upang maharap ang anumang mga alalahaning kaugnay sa seguridad, pagiging lihim at kasalungatan ng interes. Ang sitwasyong ito, kahit na ito man ay mukhang ligtas sa iyo, ay maaaring magresulta sa pag-aalala ng iyong mga kasamahan na siyang maaaring makaapekto sa iyong mga pakikipag-ugnayan sa trabaho. Ang itsura ng kasalungatan sa interes ay maaaring magdulot ng mga problema kahit na gaano pa man katama ang iyong pag-uugali.

Upang maiwasan ang mga nasabing kalagayan, kailangan mong pag-usapan ang iyong partikular na sitwasyon sa iyong manager, sa Global Legal Organization o sa Global Ethics and Compliance upang mapag-aralan ang kalikasan at lawak ng anumang alalahanin at malaman ang nararapat na kalutasan.

## Iba pang trabaho

Habang nagtatrabaho para sa Colgate, hindi makapagtatrabaho o makapagbibigay ng tulong ang mga tauhan ng Colgate sa ating mga kakompitensiya o sa alinmang mga ikatlong partido na nakikipag-negosyo sa Colgate. Karagdagan pa dito, huwag gamitin ang oras, pasilidad, mga kagamitan, mga tatak o logo ng Kumpanya para sa trabaho sa labas na walang kinalaman sa iyong trabaho sa Colgate nang walang awtorisasyon mula sa iyong Presidente ng Dibisyon o pinuno ng Tungkulin.

## Personal

Kinikilala at nirerespeto ng Colgate ang mga karapatan ng mga tauhan ng Colgate na malayang makipag-ugnayan sa kanilang mga na-enkuwentro sa lugar ng trabaho. Gayunpaman, ang mga personal na pakikipag-ugnayan ay maaaring magresulta sa mga kasalungatan ng interes, kaya dapat tayong gumawa ng mabuting desisyon para masiguro na ang mga ugnayang iyon ay hindi:

- Negatibong makakaapekto sa paggawa ng trabaho
- Makahadlang sa kakayahan na mapamahalaan ang ibang tao
- Makagambala sa lugar na pinagtatrabahuhan
- Lumikha ng hitsura ng pagkakaroon ng paborito

Ang anumang pag-aasal sa lugar ng trabaho na dulot ng isang romantikong pakikipag-ugnayan o pagiging magkaibigan sa pagitan ng mga empleyado ay maaaring hindi angkop kung ang naturang pag-aasal ay magreresulta sa isang nakaka-alangan na lugar na pinagtatrabahuhan para sa iba o sa pananaw ng iba ay parang may pinapaboran. Ang pagkakaroon ng paborito o pinapaboran o ang pagdedesisyon sa negosyo base sa romatikong relasyon o base sa pagiging magkaibigan sa halip na base sa pinakamagandang interes ng Kumpanya ay ipinagbabawal.

Bilang karagdagan pa, hindi nararapat na ang isang Superbisor o sinumang nasa isang posisyon ng awtoridad na makaugnay sa isang romantikong relasyon sa isang tauhan na pinamamahalaan. Maaaring mabawasan ng mga romantikong relasyon sa mga tauhang pinamamahalaan ang iyong kakayahang maging patas at walang kinikilingan tungkol sa mga sitwasyon na tulad ng pagbibigay ng sahod, promosyon sa trabaho, mga tungkulin sa trabaho, mga itinatakda sa shift, overtime o mga pagkakataon para sa pagsasanay. Sa sitwasyong iyon, dapat iulat ng kapwa empleyado ang sitwasyon sa Human Resources o sa Global Ethics and Compliance. Kung may alam kang isang romantikong relasyon na maaaring maituring bilang isang kasalungatan, mangyaring makipag-ugnayan sa Human Resources o sa Global Ethics and Compliance.

## Mga Lupon

Mangyaring kumuha muna ng pag-aapruba mula sa Pangunahing Opisyal Para sa Etika at Pagsunod (Chief Ethics and Compliance Officer) at sa Pangunahing Opisyal tungkol sa Batas (Chief Legal Officer) bago sumang-ayon na maglingkod sa Lupon ng mga Direktor o isang katulad na organisasyon para sa isang kumikita (for profit) na kumpanya o ahensiya ng pamahalaan.

Hindi mo kailangang humingi ng pag-apruba para manilbihan sa Lupon ng isang non-profit na organisasyon maliban na lamang kung ang organisasyon ay may ugnayan na propesyonal o kaugnay ng trabaho sa Kumpanya, na kung saang kaso ay kailangang humingi ng pag-apruba mula sa Presidente ng iyong Dibisyon o namumuno sa iyong Gawain.

Kung mayroon kang mga katanungan o nakita mo ang iyong sarili sa isang sitwasyon na may potensiyal na salungat sa interes, konsultahin ang iyong manager, ang Human Resources, ang Global Legal Organization o ang Global Ethics and Compliance. Makikipagtulungan sa iyo ang Kumpanya upang masagot ang sitwasyon at humanap ng naaangkop na kalutasan.

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa Conflicts of Interest and Gifts, na makikita sa **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo**.

## Pinoprotektahan natin ang propriyetaryong impormasyon tungkol sa kumpanya

Ang propriyetaryong impormasyon ng Colgate ay mahalagang pag-aari. Ang propriyetaryong impormasyon ay isang impormasyong ginagamit kaugnay ng negosyo ng Colgate na sa pangkalahatan ay hindi pa nalalaman o hindi madaling madiskubre at sensitibo sa mga kakompitensiya. Ang proteksiyon ng propriyetaryong impormasyon ay may mahalagang tungkulin na ginagampanan sa ating tuloy-tuloy na paglago at kakayahang makipag-kompetisyon.

## Anu-ano ang mga ilang halimbawa ng propriyetaryong impormasyon?

Bagama't hindi ito kumpleto, ang listahang ito ay nagbibigay ng mga halimbawa ng malaking bahagi ng iba't ibang impormasyon na kailangang bantayan at ingatan.

- Mga layunin o istratehiya ng negosyo
- Mga listahan ng empleyado, mamimili, gumagamit ng produkto, propesyonal o vendor
- Mga aplikasyon sa patent
- Hindi pampublikong pinansiyal na impormasyon
- Mga formula ng produkto
- Mga proseso sa manufacturing
- Anumang uri ng hindi nailabas na mga materyales sa marketing o sales
- Panloob na impormasyon na hindi ipinamahagi sa publiko

## Ang iyong mga obligasyon alinsunod sa propriyetaryong impormasyon ng Colgate ay:

**GAWIN**

- Magsagawa ng mga makatwirang pamamaraan para maprotektahan ang propriyetaryong impormasyon ng Colgate.
- Markahan ang mga propriyetaryong dokumento bilang Lihim o Propriyetaryo.
- Mag-ingat sa pakikipag-usap ng tungkol sa propriyetaryong impormasyon kapag nasa mga elevator, mga lugar na may maraming nagpupulong-pulong na mga tao o iba pang mga pampublikong espasyo.

**HUWAG**

- Isiwalat ang propriyetaryong impormasyong ito sa iba pang mga tauhan ng Colgate o mga ikatlong partido maliban sa kung “kailangang malaman” o “kailangang gamitin” na batayan.
- Iugnay ang mga ikatlong partido na pamahalaan ang propriyetaryong impormasyon nang walang angkop na pahintulot at isang nararapat na kasunduan sa pagiging kompidensiyal na umiiral.
- I-upload o talakayin ang propriyetaryong impormasyon sa mga website na pampubliko o sa mga social media na site.
- Gamitin ang propriyetaryong impormasyong ito para sa sarili mong pakinabang o para sa walang awtorisasyong kapakinabangan ng mga taong taga-labas ng Colgate.
- Iwanan ang propriyetaryong impormasyon sa mga conference room o sa mga hindi naka-kandadong opisina.

Kapag umalis ka sa Colgate, ang obligasyon mong protektahan ang propriyetaryong impormasyon ng Colgate ay magpapatuloy. Kailangan mo ring tandaan na ang mga pagpapalitan ng dokumento, mga nakalathalang materyal, elektronikong impormasyon, mga dokumento o talaang anuman ang uri, mga partikular na proseso ng kaalaman, at mga pamamaraan - lihim man o hindi - ay pawang mga ari-arian ng Kumpanya at kailangang manatili sa Colgate. Dapat mong ibalik ang lahat ng pag-aari ng Kumpanya na nasa iyo, iyong pinag-iingatan o iyong kinokontrol kapag umalis ka sa Kumpanya. Kung mayroon kang tanong tungkol sa kung ang impormasyon ba ay propriyetaryo, kailangang mong kausapin ang Global Legal Organization.

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa Ang Pag-protekta ng Impormasyong Propriyetaryo (Protecting Proprietary Information) na matatagpuan sa **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo**.

## *Sinusundan natin ang mga patakaran ukol sa kahilingan ng press at media*

Hindi dapat sumagot ang mga tauhan ng Colgate sa anumang mga kahilingan o post na galing sa media, press, pinansiyal na komunidad o ng publiko, na hinihiling na magsalita ka sa ngalan ng Colgate.

- Ang mga kahilingan para sa panayam o tanong mula sa media, press, komunidad-pinansiyal o ng publiko ay dapat na isangguni sa Corporate Communications o Investor Relations.
- Ang mga kahilingan na magbigay ng impormasyon sa ngalan ng Colgate sa mga kaugnay mula sa Securities and Exchange Commission, sa New York Stock Exchange, iba pang mga tagapag-saayos o panlabas na abogado ay dapat na kaagad na isangguni sa Global Legal Organization.

Lubos na mahalagang walang empleyado na sila mismo ang sasagot sa ngalan ng Kumpanya sa kahit anong uri ng ganitong mga tanong o pakikipag-usap, dahil ang kahit anong hindi naaangkop o hindi tamang sagot, kahit na ang pagtanggi o pagtatatuwa ng impormasyon, ay maaaring magresulta sa negatibong publisidad, legal na peligro o iba pang masasamang epekto sa Kumpanya. Kabilang din dito ang mga katanungan at pakikipag-ugnayan na nagaganap sa social media.

Ang patakaran na ito ay hindi naaangkop sa mga kahilingan para sa pampublikong magagamit na pinansiyal na impormasyon, tulad ng mga Taunang Pag-uulat at mga Kada-Tatluhang Buwang Pag-uulat, o mga gawaing pampublikong promosyon ng Kumpanya.

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa Pangangalakal ng Seguridad at Pagsisiwalat ng Impormasyon na makikita sa **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo**.

## *Nagmementina tayo ng mga tumpak na libro at talaan*

Ang pinansiyal na posisyon ng ating Kumpanya at ang mga resulta ng mga operasyon nito ay dapat na itala alinsunod sa mga pangangailangan ng batas at sa pangkalahatang tinatanggap na mga prinsipyo ng accounting (generally accepted accounting principles o GAAP). Inaatasan ang Colgate na magmentina ng mga libro sa accounting, talaan at account at naaangkop na ipakita ang mga transaksiyon at ari-arian ng Kumpanya pati na rin ay magmentina ng sapat na sistema ng mga panloob na kontrol sa accounting.

Lahat ng kasama sa paggawa, pagpo-proseso at pagtatala ng pinansiyal na impormasyon ay may pananagutan sa integridad nito at:

- Kinakailangang humiling ng naaangkop na mga pag-apruba at siguraduhin na ang lahat ng mga transaksyon at gastusin ay naitala nang maayos sa mga aklat at talaan ng Kumpanya, kabilang ang halaga ng paggasta, ang tatanggap o benepisyaryo ng paggasta at ang layunin ng negosyo para sa paggasta.
- Dapat magbigay ng kumpleto at tumpak na impormasyon at wastong dokumentasyon na may kaugnayan sa lahat ng mga transaksyon ng Kumpanya at mga disposisyon ng mga ari-arian.
- Kinakailangang siguraduhin na ang bawat transaksiyon, accounting o ipinasok na may kinalaman sa pera ay nagpapakita ng eksaktong nakalagay sa mga sumusuportang dokumentasyon. Hindi dapat itago ang impormasyon sa o sa pamamagitan ng namamahala, o sa mga panloob o independiyenteng tagasuri ng Kumpanya.
- Hindi dapat gumawa ng anumang mali o nakakalinlang na ipinasok sa anumang mga libro o mga pinansiyal na talaan ng Kumpanya para sa anumang dahilan.
- Hindi dapat magsagawa ng kabayaran para sa anumang dahilan maliban na lamang sa mga inilalarawan ng mga dokumentong nagbibigay-suporta sa kabayaran.
- Hindi dapat gamitin ang mga pondo o pag-aari ng Kumpanya para sa anumang layunin na hindi tama o labag sa batas.
- Kinakailangang maayos na kilalanin ang mga kinita at paggastos sa isang napapanahong batayan.

Ang mga ari-arian at pananagutan ay dapat na maayos na naiitala at nabigyan ng tamang halaga. Karagdagan pa dito, ang mga responsable o kasama sa paghahanda ng mga pagsusumite ng Colgate sa Securities and Exchange Commission at iba pang mga pagsusumite na kailangan ng naaangkop na batas, o iba pang mga pakikipag-usap sa negosyo o komunidad na pinansiyal, ay kinakailangang siguraduhin na ang mga pagsisiwalat sa mga naturang pagsusumite at mga pakikipag-usap ay buo, patas, tama, ayon sa batas, napapanahon at naiintindihan noong ginawa.

Kung mayroon kang napansin na isang posibleng pagkukulang, pagpapalsipika o pagkakamali sa anumang transaksiyon, mga ipinasok o isinulat sa accounting na pang-pinansiyal o sa mga pag-uulat sa Securities and Exchange Commission ng Colgate o iba pang pakikipag-usap, o kahit ano pa mang mga pagkakamali sa mga panlooban na kontrol, dapat na kaagad-agad mong iulat ang naturang impormasyon sa iyong manager o sa Global Legal Organization. Maaari ka ring makipag-ugnay sa Global Ethics and Compliance.

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa Mga Libro, Talaan at Dokumento, na matatagpuan sa **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo**.

## Tandaan

- Ang Mga Libro at Talaan ng Kumpanya ay Dapat Tumpak
- Ang Mga Dokumento ng Kumpanya ay Dapat Malinaw at Hindi Nakakalito
- Walang Mali o Nakakalinang na Ipinasok na Impormasyon ang Dapat Gawin para sa anumang Dahilan

## Pinoprotektahan natin ang mga ari-arian ng Colgate

Ang mga ari-arian ng Kumpanya, mga pasilidad o serbisyo ay kailangang gamitin para lamang sa mga layuning naaayon sa batas, angkop at awtorisado. Ang pagnanakaw ng pera, ari-arian o serbisyo ay mahigpit na ipinagbabawal. Ang mga kagamitan o kasangkapan ng Colgate, mga sistema, pasilidad, credit card ng korporasyon at mga kagamitan ay kailangang kaugnay ng iyong trabaho sa Colgate o para sa mga layuning awtorisado ng pangasiwaan. Mayroon kang personal na responsibilidad hindi lamang sa pagbibigay ng proteksiyon sa ari-arian na ipinagkatiwala sa iyo ng Kumpanya, kundi pati na rin sa pangangalaga ng mga ari-arian ng Colgate sa pangkalahatan. Kailangan ding magi kang alerto sa anumang sitwasyon na maaaring humantong sa pagkawala, maling paggamit o pagkanakaw ng ari-arian ng Kumpanya at kailangang iulat mo sa iyong manager o sa Global Security oras na malaman mo ito.

Tanging ilang mga opisyal lamang ng Kumpanya at iba pang mga nakatataas na empleyado ang may awtoridad na mangako nang may kinalaman sa mga ari-arian ng Kumpanya. Maliban na laman kung maayos na pinahintulutan, hindi ka dapat magsagawa ng mga pangakong makakaapekto sa mga ari-arian ng Kumpanya.

Kung mayroon kang mga tanong o kailangan ng pagpapaliwanag, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong lokal o Pinansiya ng Dibisyon na Bise-Presidente.

# *Responsable tayong gumagamit ng Impormasyon sa Teknolohiya, Artipisyal na Katalinuhan (Artificial Intelligence), at Social Media*

**Ang Paggamit ng Mga IT na Resources**
Ang Information Technology (IT) Resources ng Colgate ay dapat responsableng magamit at sa paraan na alinsunod sa Koda at lahat ng iba pang mga patakaran at pamamaraan ng Kumpanya. Kabilang sa IT Resources ng Colgate ang lahat ng kasalukuyan at darating pang mga computer hardware, software at mga mobile device, data at storage media na pag-aari, inuupahan o ibinibigay ng Colgate. Ang IT Resources ng Colgate ay dapat gamitin sa magalang at propesyonal na paraan para sa layunin sa negosyo ng Colgate maliban na lamang sa limitado at naaangkop na personal na layunin.

**Ang IT na mga Resource ng Colgate ay hindi maaaring gamitin para:**

- Magpadala ng mapanakot, nagdidiskrimina, nakakasakit, mapanirang-puri, mapanlinlang o nagbabantang mga mensahe.
- Hindi nararapat na ibunyag ng propriyetaryong, kompidensiyal o lihim ng kalakalan ng Kumpanya o ng isang ikatlong partido.
- Maging dahilan ng o pinahintulutan ang mga paglabag sa seguridad o pagkagambala sa mga network o mga sistema ng komunikasyon ng Colgate kabilang ang, ngunit hindi limitado sa pag-inject o pagpapadala ng mga worm, mga virus, spyware, malware, o anumang iba pang nilalaman o code ng isang nakakahamak o nakakagambala na kalikasan.
- Iwasan ang mga kontrol ng access para sa mga gumagamit o iba pang mga seguridad ng anumang computer, network, application o iba pang teknolohiya.
- Labagin ang mga karapatan ng sinumang tao o kumpanya na protektado ng tatak-kalakal, trade dress, karapatan sa publisidad/ pagkapribado, karapatang-ari (copyright), sikreto sa pangangalakal, patent o iba pang karapatang may kaugnayan sa ari-ariang pangkaisipan (intellectual property rights), o mga kahalintulad na mga batas o mga regulasyon.
- Labagin ang mga karapatan sa publisidad at pribadong buhay ng sinumang tao na protektado ng angkop na batas.
- Humingi ng kaanib para sa mga komersiyal na pakikipagsapalaran sa labas, para sa relihiyon o pampulitikang mga layunin, o para sa anumang hindi awtorisadong pansariling pakinabang o pagpapaunlad.
- Mag-install o mag-download ng hindi awtorisadong software sa sistema ng Colgate para sa negosyo o personal na paggamit.
- Anumang iba pang paggamit na ipinagbabawal ng Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo.
- Maliban na lamang kung ito ay nililimitahan ng mga angkop na batas, reserbado ng Colgate ang karapatang pag-aralan ang lahat ng paggamit at limitahan, suspendihin o itigil ang access sa mga IT na Resources sa anumang panahon at para sa anumang dahilan. Hindi dapat asahan ng mga empleyado ang pagiging pagka-pribado kapag ginagamit ang IT na mga Resource ng Kumpanya.

**Ang IT na mga Resource ng Colgate:**

- Ay kinakailangang gamitin para sa lahat ng mga negosyo ng Kumpanya. Kabilang sa IT na mga Resource ng Colgate ang, para sa layuning ito, mga personal mobile device na aprubado ng at alinsunod sa Pandaigdigang Patakaran sa Seguridad ng Information sa Seguridad ng Mobile Device.
- Ang mga personal na email address ay hindi dapat gamitin para sa pagsasagawa ng negosyo ng Kumpanya,
- Ang mga tauhan ng Colgate ay dapat hindi magpadala ng mga dokumento o email ng Kumpanya patungo sa o mula sa mga personal na email address.

## *Artipisyal na Katalinuhan (Artificial Intelligence, AI)*

Ang sistema ng Artipisyal na Katalinuhan ay isang sistemang nakabatay sa machine na maaaring makabuo ng mga output tulad ng mga hula, rekomendasyon, content sa iba't ibang anyo (tulad ng teksto, mga larawan, video, at tunog), o mga desisyong nakakaimpluwensya sa mga tunay o virtual na kapaligiran. Nag-aalok ang mga sistema ng AI ng makapangyarihang paraan para sa pagpapahusay ng ating mga proseso sa negosyo, pagpapabuti ng mga karanasan ng customer at mamimili, at paghimok ng pagbabago sa kabuuan ng ating mga operasyon. Gayunpaman, ang mga sistema ng AI ay may mga responsibilidad at potensyal na panganib sa Kumpanya, ating mga empleyado, at iba pang stakeholder. Hinihikayat natin ang responsableng paglalagay at paggamit ng mga sistema ng AI, na binibigyang-diin ang kahalagahan ng mabuting paghuhusga, pagsunod sa mga naaangkop na batas at tuntunin at etikal na pagsasaalang-alang para mabawasan ang anumang hindi sinasadyang kahihinatnan.

**Mga Responsableng Prinsipyo ng AI**

- Kumikilos Tayo nang Naaayon sa Etika at May Integridad at May Paggalang sa Batas: Nangangako tayong gagamitin ang mga sistema ng AI sa paraang tapat sa ating mga pinahahalagahan at layunin, titiyakin ang pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon, ang ating Koda ng Pag-aasal at ang ating Mga Gabay para sa Mga Pandaigdigang Pagsasagawa ng Negosyo, na may espesyal na pagtuon sa pagprotekta sa pagkapribado ng data at pagtiyak ng pagiging kompidensyal ng data at integridad. Nakatuon tayo sa paggawa ng mga bagay sa tamang paraan at pagkilos nang may integridad.
- Pinapalakas Natin ang Tiwala at Pananagutan: Nagsusumikap tayong mapanatili ang pagiging transparent sa mga pamamaraan, aplikasyon, at paggamit ng ating mga sistema ng AI, sa loob ng mga hangganan ng seguridad, batas, at patakaran, habang gumagawa ng mga mekanismo para magtalaga ng mga responsibilidad at magbigay ng pananagutan para sa mga resulta ng AI. Kikilos tayo nang may pananagutan para mapanatili ang tiwala ng lahat ng ating stakeholder.
- Nagbibigay-suporta Tayo sa Pagiging Patas at Pagsasama-sama: Nakatuon tayo sa pagiging patas at ang pagsasama ng magkakaibang pananaw sa ating mga kaso ng paggamit ng AI. Aktibo nating tutukuyin ang mga potensyal na may pagkiling sa ating mga kasanayan sa AI at gagawa tayo ng mga hakbang para mabawasan ang mga ito. Nagsusumikap tayong kumatawan sa magkakaibang pananaw at mabawasan ang mga pagkiling.
- Priyoridad Natin ang Nakasentro sa Tao na Mga Application ng AI: Priyoridad natin ang pagpapaunlad ng mga kakayahan ng tao, pagbibigay ng kalinawan sa mga pakikipag-ugnayan ng AI, at pagtiyak na transparent ang ating paggamit ng teknolohiya. Susubukan nating gamitin ang mga sistema ng AI sa mga paraang makikinabang ang ating mga tao at kanilang komunidad.
- Nangangako Tayo sa Ligtas na Paglulunsad ng AI: Nakatuon tayo sa pagpapatupad ng pinakamahuhusay na kasanayan sa seguridad para bumuo ng katatagan at pamahalaan ang panganib na nauugnay sa AI. Susubukan nating protektahan ang ating Organisasyon at mga stakeholder mula sa mga panganib sa seguridad.

## Social media

Ang "Social Media" ay ang salitang ibinigay sa mga website, app at iba pang mga online na tool sa pakikipag-usap na nagpapahintulot sa mga user na makipag-ugnay sa bawat isa sa online sa pagbabahagi ng impormasyon, opinyon, kaalaman at mga interes. Ang mga tool ng Social Media ay nagbibigay ng isang mahalagang paraan para sa atin na makipag-ugnayan sa isa't isa at pati na rin sa ating mga mamimili, supplier, gumagamit ng produkto at mga propesyonal. Kahit na marami itong benepisyo, ang mga Social Media tool na ito ay maaari ring magdulot ng peligro sa Kumpanya, sa mga empleyadong gumagamit ng Social Media, at sa iba pang mga ikatlong partido.
Hinihikayat ka namin na gamitin ang Social Media sa isang responsableng paraan, gumamit ng mabuting paghuhusga at isagawa ang personal na responsibilidad upang maiwasan ang mga hindi sinasadyang kinahihinatnan kapag nag-po-post sa Social Media. Halimbawa, dapat mong iwasan ang pag-post ng anumang mga komento na hindi ka kumportableng sabihin nang direkta sa isang tao. Bilang karagdagan pa, mayroong mahihigpit na mga pangangailangan kapag nagsasagawa ng mga pahayag sa ngalan ng Colgate.

**Ang Personal na Paggamit ng Social Media - mga Dapat at Hindi Dapat Gawin**

- HUWAG gagamit o magsasama ng mga e-mail address ng Kumpanya sa iyong personal na mga pakikipag-ugnayan sa Social Media.

- Kung ninanais mo, MAAARI mong kilalanin ang iyong sarili bilang isang empleyado ng kumpanya kung sumasali ka sa mga site ng Social Media sa isang indibidwal na kapasidad (halimbawa, isang personal na Facebook o Twitter na account) ngunit HUWAG gagamitin ang pangalan ng Kumpanya, ang mga subsidyariya nito, mga magkakasamang pakikipagsapalaran (joint ventures) o alinman sa kanilang mga produkto sa iyong username o screen name.

- HUWAG gagamit ng mga logo o materyales na pag-aari ng Kumpanya maliban na lamang kung kang mga ito ay kinilala bilang aprubado ng Colgate.

- HUWAG makikipag-ugnayan sa mga kakompitensiya o sa mga iba pa sa isang hindi angkop na pamamaraan (halimbawa, pamamahagi ng kompidensiyal o propriyetaryong impormasyon ng Kumpanya).

- Kung ikaw man ay magbibigay ng mga rekomendasyon tungkol sa mga produkto ng Colgate o kaya ay nag-po-post tungkol sa mga paksang may kaugnayan sa Kumpanya sa iyong personal na mga Social Media na site, GAWIN ito alinsunod sa ating Koda at ng batas:

    - ISIWALAT sa bawat naturang pagpo-post na nagtatrabaho ka sa Kumpanya (halimbawa, #ColgateTeam o #IamColgate) kung saan iniaatas ng batas.

    - Kung nakatanggap ka ng mga tanong tungkol sa Kumpanya o sa mga produkto nito sa iyong mga personal Social Media na site, HUWAG magtatangkang sagutin nang iyong sarili ang isyu. Sa imbes ay IBIGAY ang link sa website ng Kumpanya na tinutugunan ang isyu, o kaya ay iderekta ang pagtatanong sa Makipag-ugnayan sa Amin na seksiyon ng ColgatePalmolive.com para sa isang sagot.

    - KILALANIN na maaaring hindi ka maihiwalay ng mga tao sa iyong pinagtatrabahuhan. Kahit na anumang plataporma ng social media ang ginagamit, dapat ay may kamalayan ka sa epekto ng iyong mga salita at aksiyon sa iyong reputasyon at sa reputasyon ng Colgate-Palmolive, at iwasan ang mga personal na pagpo-post ng mga bagay na maaaring negatibong makaapekto sa reputasyon ng Colgate.

## *Ang Paggamit ng Kumpanya ng Social Media*

Ang Kumpanya ay may maayos na naitatag na proseso upang maipamahagi ang balita, mga produkto sa merkado, at makisali sa pag-a-advertise sa mga site ng Internet na sinusuportahan ng Kumpanya. Hindi ka maaaring mag-post sa mga site na iyan sa ngalan ng Kumpanya maliban na lamang kung nabigyan ka ng awtorisasyon na gawin ito. Kung nabigyan ka nga ng awtorisasyon na makisali sa aktibidad na ito, mangyaring sumangguni sa Kapitulo 16, "Social Media," ng Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo upang mapag-aralan ang mga naaangkop na gabay.

## *Mga Pagtukoy sa Kumpanya*

Kung may napansin kang hindi tama o hindi naaangkop na mga pagpo-post na maaaring makaapekto sa Kumpanya o sa reputasyon ng Kumpanya, mangyaring makipag-ugnayan sa Corporate Communications o sa Ethics & Compliance.

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa Paggamit at Proteksiyon ng Information Technology na mga Resource at Social Media, na makikita sa **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo.**

# *Ang pakikipag-ugnayan natin sa mga tagalabas na entidad ng negosyo*

Isinasagawa natin ang negosyo nang may katapatan at integridad, at inaasahan natin na ang mga pinahahalagahan at pagsasagawa sa negosyo ng mga ikatlong partido ay katulad rin ng sa atin kung ang pag-uusapan ay ang pagsunod sa batas, kalidad ng produkto, kaligtasan, karapatan ng tao at ang pagtatrato ng mga empleyado.

## *Etikal tayong nakikitungo sa mga ikatlong partido*

Ang ating pangako sa paglikha ng isang kapaligiran ng tiwala, bukas at tapat na pakikipag-usap, at paggalang ay umaabot sa ating relasyon sa mga ikatlong partido. Ang tapat at patas na pakikipagkalakalan sa mga ikatlong partido ay mahalaga para sa isang mapayapa at nagtatagal na ugnayan. Binibigyan natin ang lahat ng mga posibleng ikatlong partido ng patas at pantay-pantay na konsiderasyon. Ang mga desisyon sa pagpili ng vendor ay base sa mga pamantayang may inaasahang resulta tulad ng presyo at kalidad, pati na sa pagka-maaasahan at integridad.

Karagdagan pa dito, hindi tayo nagbibigay ng personal na pabor sa mga ikatlong partido sa mga presyo, mga promosyonal na allowance, tulong sa pagmemerkado o sa mga katulad nito. Ang pakikipag-ugnayan sa mga ikatlong partido ay tatalakayin nang higit pa sa seksiyong ito ng Koda na tumutugon sa Ating Ugnayan sa Pamahalaan at sa Batas.

Ang Koda ng Pag-aasal ng Ikatlong Partido ng Colgate ay ginawa para ipaalam ang mga inaasahan natin tungkol sa etikal na pag-aasal na inaasahan natin mula sa mga ikatlong partido na katrabaho natin.

Ang mga supplier at vendor ng Colgate ay kailangang palaging pagpayuhan ng mga kinakailangang gawin upang mahigpit na makasunod sa Koda ng Pag-aasal ng Ikatlong Partido kapag nakikipag-trabaho sa atin o harapin ang posibilidad na ating tatapusin ang ating pakikipag-negosyo sa kanila dahil sa kanilang hindi pagsunod dito. Karagdagan pa dito, kailangang igalang natin at sundin ang mga patakaran ng mamimili o ng supplier hangga't hindi kasalungat ang mga iyon sa sarili nating patakaran. Ang **Koda ng Pag-aasal ng Ikatlong Partido ng Colgate** ay maaaring makuha sa mga ilang wika.

## *Hindi tayo nagbibigay o tumatanggap ng mga hindi naaangkop na regalo*

Hindi katanggap-tanggap na magbigay o tumanggap ng mga regalo, kabayaran, mga benepisyo o paghahandog ng trabaho (ito man ay direkta sa iyo o kaya hindi direkta sa pamamagitan ng isang miyembro ng pamilya o kakilala) upang maka-impluwensiya o maaaring magmukhang makaka-impluwensiya sa anumang desisyon sa negosyo. Kung pinaplano mong magbigay, nagbigay na o inalok o nakatanggap ng regalo, kabayaran o iba pang mga benepisyo, hindi ito maaaring mahigit sa maliit na halaga (tinatayang $100 USD). Ang mga regalo ay hindi maaaring pera, katumbas ng pera o mga security. Gayundin, tandaan laman na makapagbibigay o makakatanggap ka lamang ng isang regalo na naturingang maliit ang halaga papunta o mula sa iisang pagkukunan sa isang beses lamang kada isang taon sa kalendaryo.

Kung sa paniwala mo na ang nasabing regalo, kabayaran o iba pang benepisyo ay inihandog o inilaan sa isang pagtatangkang ma-impluwensiyahan ang isang desisyon sa negosyo, dapat mong kausapin ang Global Legal Organization o Global Ethics and Compliance.

Kung nakakahiya para sa Kumpanya na hindi mo tanggapin ang isang regalo na higit pa sa naturingang maliit ang halaga, ang iyong pagbabalak na tanggapin ang regalo ay kinakailangang ipaalam sa Global Legal Organization. Karagdagan pa dito, huwag manghihingi o tatanggap ng isang regalo, kabayaran o iba pang pakinabang na hihigit pa sa naturingang maliit ang halaga, sa ngalan ng isang malapit na miyembro ng pamilya mula sa kung sinuman kung saan ang Kumpanya ay mayroon nang kasalukuyang ugnayan sa negosyo o gustong magtatag ng isang ugnayan sa negosyo sa hinaharap.

Sundin ang patakarang ito: huwag kahit kailan magbigay o tatanggap ng isang regalo o serbisyo kung ilalagay ka nito sa alanganin o kompromiso o magmumukhang ikaw ay makokompromiso. Hindi kasali rito ang mga paminsan-minsang paglilibang kaugnay ng negosyo, o ang mga regalong naturingang maliit ang halaga.

Kailangang mong malaman na may mga espesyal na patakaran na nangangasiwa sa mga naaangkop na pag-aasal sa pakikitungo sa mga pamahalaang pederal, pang-estado, lokal o banyagang mga opisyal ng pamahalaan at mga gobyerno na kakaiba sa mga patakaran ukol sa pakikitungo sa mga entidad na hindi sa pamahalaan. Walang mga regalo o iba pang mga bagay, anuman ang kanilang halaga, na maaaring ibigay o tanggapin mula sa sinumang opisyal ng pamahalaan o empleyado ng gobyerno sa anumang bansa nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa Global Legal Organization.

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga regalo sa mga opisyal ng pamahalaan o sa mga pamahalaan sa pagsangguni sa Global Government Expenditures Policy at ang kaugnay na form at proseso ng Pag-apruba.

## *Iginagalang natin ang mga lihim sa kalakal at mga kompidensiyal na impormasyon ng iba*

Patakaran ng Colgate na hindi sadyaing lumabag sa balido at ipinatutupad na karapatan ng iba sa ari-ariang intelektuwal. Patakaran din ng Kumpanya na igalang ang mga lihim sa kalakal o iba pang mga propriyetaryong impormasyon na pagmamay-ari ng iba. Ito ay tanging mahalaga lalo na kung ikaw ay sumali sa Colgate at mayroon kang kaalaman tungkol sa mga lihim na kalakal o propriyetaryong impormasyon tungkol sa kumpanyang iyong dating pinapasukan. Bilang pangkalahatang bagay, ang pag-hire ng mga empleyado o dating empleyado mula sa mga kakompitensiya ay hindi ipinagbabawal. Gayunpaman, ang pag-hire mula sa ating mga direktang kakompitensiya ay maaaring magdulot ng mga legal na panganib na dapat pamahalaan, kabilang dito ang panganib ng pagkuha ng kompidensiyal o propriyetaryong impormasyon ng ating mga kakompitensiya o iba pang mga ikatlong partido. Kung may anumang mga katanungan na manggagaling sa lugar na ito, dapat mong kunsultahin ang Global Legal Organization.

Kung sino man ang lumapit sa iyo na hindi bahagi ng Kumpanya na may imbensyon, may nadiskubre o ideya, mahalaga na maprotektahan ang Kumpanya laban sa panghihimasok sa hinaharap o mga panghahabol para makakuha ng pera. Huwag payagan ang mga taga-labas na isiwalat ang anumang detalye ng kanilang imbensyon, nadiskubre o bagong ideya sa iyo nang hindi muna kumukunsulta sa Global Legal Organization.

Ang mga gabay ay mahahanap sa aming panlabas na website sa **www.colgate.com/innovation**, kasama ng mga form at proseso para sundin ng mga taong nais na gumawa ng nasabing pagsumite. Kung makatanggap ka man ng isang hindi hinihinging ideya, mungkahi o pagtatanong, dapat mong idirekta ang tao sa ating panlabas na website at sabihan na sundin ang proseso na nakalagay dito.

# *Ang pakikipag-ugnayan natin sa mga gumagamit ng produkto*

Isangguni ang lahat ng mga partidong lumalapit at nagbibigay ng mga hindi hinihinging ideya sa alinman sa Global Legal Organization o sa Consumer Affairs Department sa iyong kinalalagyan para maasikasuhan ang mga ito alinsunod sa mga pamamaraan ng Kumpanya.

Ang ating reputasyon ay naitatag mula sa kalidad at pagiging ligtas ng ating mga produkto. Ang ating paninindigan sa kalusugan at kaligtasan ng mga Gumagamit ng Produkto ay mahalaga para sa pagpapatuloy ng paglaki at pagtatagumpay ng ating Kumpanya.



## *Nagtatalaga tayo ng pinakamatataas na pamantayan sa ating mga produkto*

Dedikado tayo na siguraduhing maaasahan ng mga gumagamit ng produkto ang mga produkto ng Colgate sapagkat ang mga ito ay mapapagkatiwalaan, de-kalidad at may bukod-tanging kakayahan. Karagdagan pa sa paglilingkod sa bilyon-bilyong tao sa mga merkado kung saan tayo ay nagnenegosyo, kailangang tayong magsumikap na magawa ang ating mga produkto sa pinaka-mahusay na paraan upang makapaghandog tayo ng mga abot-kayang produkto.

Ang mga produktong ibinebenta ng Colgate ay hindi lamang dapat na makasunod sa pamantayang itinakda ng batas ukol sa kaligtasan kundi pati na rin sa kalimitang mas mahihigpit na pamantayan ng Kumpanya. Sumasali tayo sa mga programa upang makapagbigay ng madaliang tulong sa mga gumagamit ng produkto kung sakaling may pinaghihinalaang nakikialam (tampering) sa produkto, may hindi tamang paggamit o may nagpapalsipika ng mga produkto. Ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga gumagamit ng produkto ay mga pangunahing pinahahalagahan natin, at bilang isang empleyado ng Colgate, ito ay iyong responsibilidad na kaagad na iulat ang anumang suliranin na iyong natagpuan na may kaugnayan sa kalidad o kaligtasan ng produkto sa iyong pinuno ng pangkat sa negosyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan ng ating mga sangkap, mangyaring sumangguni sa ating patakaran sa **Ang Ating Patakaran sa Kaligtasan ng Sangkap: Araw-araw na nakakamit ang Iyong Pagtitiwala sa mga Henerasyon**.

## *Tumutugon tayo sa mga gumagamit ng produkto*

Sapagkat ang ating negosyo ay ang paggawa ng mga produkto para sa mga taong gumamit nito, ang ating tagumpay ay nakabase sa kasiyahan, tiwala at mabuting kalooban ng gumagamit ng produkto. Pinakamabuti nating makakamit ang ating mga layunin at mapapaglingkuran ang mga pangangailangan ng mga gumagamit ng produkto sa pamamagitan ng pagsunod sa isang patuloy at patas na programa ng pakikipag-usap sa mga gumagamit ng produkto.

Kinikilala natin ang kahalagahan na dapat na kaagad na malaman at matugunan ang mga pangangailangan at kagustuhan ng mga gumagamit ng produkto. Naniniwala rin tayo na ang mga opinyon, alalahanin at mga katanungan ng mga gumagamit ng produkto na ipinarating sa Kumpanya ukol sa ating mga produkto ay mga mahahalagang mapagkukunan ng impormasyon. Ang mga pangangailangan ng mga gumagamit ng produkto ay palaging nagbabago, kaya kailangang tuloy-tuloy pa rin tayong makinig sa mga kagustuhan ng mga tao upang matugunan ang mga pabago-bagong pangangailangan.

Kapag ang isang gumagamit ng produkto ay nagpapahayag ng kawalang-kasiyahan, kaagad na haharapin ng ating Consumer Affairs na pangkat ang problema, sa isang magalang at patas na pamamaraan, at ginagawa natin ang lahat na makatuwirang pagsusumikap upang masustena o makuha ulit ang mabuting kalooban ng gumagamit ng produkto.

## *Ang ating patalastas ay tapat at tumpak*

Isa sa mga pinaka-importanteng aspeto ng ating negosyo ay ang patalastas. Ang patalastas ay dapat na malikhain at kompetitibo, pero dapat ding makatotohanan, wasto, hindi nanlilinlang at palaging sumusunod sa lahat ng mga naaangkop na batas.

Ang patalastas ay nakakalikha ng higit pa sa imahe ng produkto. Itinatatag nito ang ating reputasyon ng kahusayan, mapapagkatiwalaan at maaasahan.

Karagdagan pa dito, nag-iingat tayo sa pagpili ng media kung saan ang mga mensahe ng ating patalastas ay lumalabas. Hindi natin pinahihintulutan ang ating mga patalastas na makita sa mga kapaligiran na hindi katugma sa mga Pinahahalagahan ng ating Kumpanya; kabilang dito ang mga nilalaman na:

- Nagpapakita ng sobra o labis na karahasan.
- Itinuturing ng Colgate na "antisocial" o hindi mabuting pag-aasal, o maaaring magdulot ng "antisocial" na pag-uugali sa pamamagitan ng paggaya sa mga ito ng mga manonood.
- Naglalaman ng seksuwal na pag-uugali na itinuturing na nakakainsulto.
- May aktuwal o ipinahihiwatig na suporta sa mga aktibidad na maaaring umabuso sa pisikal o pangkaisipang kalusugan ng indibiduwal.
- Ini-insulto, pinagtatawanan o minamaliit ang mga tao dahil sa kanilang edad, pambansa o etnikong pinagmulan, pagkamamamayan, kasarian o pagkakakilanlang kasarian, oryentasyong sekswal, lahi, relihiyon, pagkamamamayan o nakikipag-ugnayan sa iba pang mga hindi angkop na pag-stereotype.
- Nagpapahayag ng politikal na mga pananaw o opinyon.

Upang masiguro na natutupad natin ang pangako na ito sa isang nagiging lubos na digital na kapaligiran, ipinag-uutos namin ang paggamit ng ikatlong partidong Brand Safety na teknolohiya sa ating digital na pag-aadvertise sa pinakamalawak na sakop na maaari.

Sa pagtatapos, ibinabalik natin ang pagtitiwala at respeto na ibinigay sa atin ng mga tao kapag sila ay bumili ng ating mga produkto sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga umiiral na batas at pagsasagawa ng pinakamatataas na etikal at moral na mga pamantayan sa pagkapribado na kaugnay sa paggamit ng data sa mga komunikasyon.

Sumusunod tayo sa mga pamantayan ng pagiging patas sa komersiyo sa paggawa, paggamit at pagpili ng patalastas, mga tatak-kalakal at disenyo upang ang ating mga produkto ay magtagumpay dahil sa sariling husay ng kalidad ng mga ito at dahil sa reputasyon, sa halip na dahil sa panggagaya o pangangalakal na umasa sa mabuting kalooban ng mga kakompitensiya. Hinihingi sa pagkakaroon ng pagkakapantay-pantay sa komersiyo ang:

- Mahigpit na pagsunod sa mga lokal na iniatas ng batas ukol sa paglabag na may kinalaman sa tatak-kalakal at hindi patas na kompetisyon.
- Ang pag-iwas sa pagkopya ng mga lubos na kilalang tatak-kalakal, mga slogan, mga tema sa patalastas at grapiko na ginamit ng mga kumpanyang matatagpuan sa maraming bansa at ng pang-rehiyonal na mga kakompitensiya.

Maaaring makakuha ang mga tauhan ng Colgate ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa Advertising and Advertising Placement na matatagpuan sa **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo**.

# *Ang pakikipag-ugnayan natin sa batas*

## Sumusunod tayo sa lahat ng angkop na batas

Dapat magsagawa ang mga tauhan ng Colgate ng mga negosyo ng Kumpanya sa paraan na kung saan ganap na masundan ang mga batas ng mga bansa kung saan sila natatagpuan, pati na rin ang mga kaugnay mga batas ng Estados Unidos ayon sa nakabalangkas sa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo ng Kumpanya, mga patakaran at mga pamamaraan. Kung sa iyong paniwala ay may kasalungatan sa pagitan ng mga lokal na batas at sa makabuluhang batas ng U.S. o sa patakaran ng Kumpanya, mangyaring kumunsulta sa Global Legal Organization.

## Sumusunod tayo sa mga batas sa kompetisyon

Dapat sundin ng Colgate at ng mga empleyado nito ang lahat ng mga batas sa kompetisyon (kilala ito bilang ang mga antitrust na batas sa U.S.) na naaangkop sa bawat bansa, estado at lokalidad kung saan tayo nagnenegosyo. Ang layunin ng mga batas sa kompetisyon ay upang maprotektahan ang mga gumagamit ng produkto o iba pang mga kumpanya sa pamamagitan ng paniniguro na patas makipag-kompitensiya ang mga kumpanya sa paghandog ng kompetitibong mga presyo, mas makabagong produkto at mas mahusay na serbisyo, at hindi sa pamamagitan ng nakakasagabal na mga puwersa ng merkado na nakaka-apekto sa pagtutustos at pangangailangan. Halos bawat bansa ay nagpapatupad ng batas sa kompetisyon. Responsibilidad ng lahat na unawain ang mga batas sa kompetisyon na naaangkop kung saan ang Colgate ay nagnenegosyo at humingi ng gabay kung kinakailangan mula sa Global Legal Organization.

Ang batas sa kompetisyon sa buong mundo ay nagbabawal ng mga kasunduan sa pagitan ng mga ka-kompetensiya na maaaring makasama sa kompetisyon. Ang susi sa pagsunod ay kalayaan. Ang Colgate ay dapat kumilos nang malaya sa kanyang mga iba't ibang gawain sa negosyo:

- Pagtatakda ng presyo
- Mga diskwento o mga promosyon
- Mga tuntunin ng pagbili at pagbenta
- Pagpili ng mga mamimili, mga distributor o mga supplier
- Pagpili ng mga produkto na gagawin at kung magkaano ito ibebenta
- Pag-hire ng mga empleyado

Mahalagang tandaan na ang isang labag sa batas na kasunduan ay hindi nangangahulugang isang pormal na dokumento o ni hindi kailangang nakasulat. Maaaring ito ay isang kasunduan sa salita o maaaring simpleng nagpahiwatig mula sa isang kurso ng pagsasagawa ng negosyo, o mula sa mga ordinaryong pakikipag-usap. Ang isang kasunduan ay hindi rin kinakailangang matagumpay na maipatupad upang maituring itong labag sa batas.

Ang pagiging independiyente ng mga kumpanya ay maaaring maapektuhan, at ang hindi legal na kasunduan ay maaaring ipahiwatig, kapag ang mga kakompitensiya ay nagbabahagi o nakakatanggap ng lihim o hindi pampublikong impormasyon tungkol sa kasalukuyan o panghinaharap na mga plano sa negosyo (halimbawa, isang pagbabalak na pagtaas ng presyo, ang halaga na sinisingil ng mga supplier, paglunsad ng mga bagong produkto, atbp.). Napakahalaga nitong tandaan sa mga survey at pulong ng samahan sa pangangalakal. Sa pangkalahatan, dapat kang kumuha ng pag-apruba mula sa Global Legal Organization bago sumali sa anumang pagtitipon (kahit ito man ay isa na kung saan personal kang dumalo, o sa pamamagitan ng virtual na pamamaraan o kaya sa tulong ng mga social media na platapormang tulad ng Facebook o Whatsapp) na kung saan ang isang kakompitensiya ay maaaring naroroon. Hindi mo dapat ibahagi ang kompidensiyal na impormasyon ng Kumpanya sa mga ka-kompetensiya. Kapag nakatanggap ka ng impormasyon tungkol sa ka-

kompetensiya na pinaniniwalaan mong maaaring kompidensiyal, dapat mong sabihan kaagad ang Global Legal Organization. Hindi mo dapat gamitin o ibahagi ang impormasyong ito nang hindi muna nakakatanggap ng Legal na pag-apruba.

Ang mga batas sa kompetisyon ay nagbibigay din ng proteksiyon laban sa mga maninila o hindi patas na aksiyon na ginagawa ng mga dominanteng kumpanya upang matiyak na ang pagkakataon ng mga magkaka-kompetensiya ay bukas at patas. Ang mga pagkilos na magiging legal kung ginawa ng mga hindi dominanteng kumpanya ay maaaring ituring na hindi legal kapag ginawa ng mga dominanteng grupo. Sa mga bansa kung saan napakalakas ng bahagi ng merkado ng Colgate, dapat mong tanungin ang iyong lokal na legal na kinatawan upang matiyak na ang mga ilang pinag-iisipang pagkilos (hal. isang partikular na patakaran sa diskuwento o ang pagtangging magbenta) ay hindi ituturing na pang-aabuso ng isang dominanteng posisyon.

Ang mga batas sa kompetisyon ay nagpapataw din ng ilang mga limitasyon sa mga ugnayan ng mga supplier at ng kanilang mga mamimili at mga distributor. Sa karamihan ng mga bansa, ang anumang pagtatangka na mag-alis sa mga mamimili o distributor ng kanilang kalayaan upang matukoy ang mga presyo o mga tuntunin at kondisyon ng pagbebenta, o limitahan ang kanilang karapatan upang magpatakbo nang malaya ay labag sa mga batas ng kompetisyon. Mahalagang bigyang-diin sa ating mga mamimili na ang ating "Recommended Retail (o Resale) Selling Prices" (ang "Inirerekomendang mga Presyo ng Tingi (o Muling Pagbebenta) na Pagtinda") ay gayon lang - inirerekomenda. Laging malaya ang mga mamimili na magbenta sa anumang presyong kanilang ninanais.

Ang mga kahihinatnan ng paglabag sa mga batas sa kompetisyon ay lubos na malubha at maaaring magresulta sa malalaking mga multa para sa Kumpanya at mga parusa (kabilang ang pagkakulong) para sa mga indibidwal na kasangkot. Kahit ang mga imbestigasyon sa mga potensiyal na pag-aasal na laban sa kompetisyon ay maaaring magdulot ng makabuluhang pinsala sa reputasyon at abala sa negosyo.

Kung mayroon kang anumang mga pagdududa kung ang isang pinaplanong gagawin ay maaaring magbunga ng mga problema sa ilalim ng mga batas sa kompetisyon, dapat kang sumangguni sa Global Legal Organization.

Maaaring makakuha ang mga tauhan ng Colgate ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa Mga Batas sa Kompetisyon na matatagpuan sa **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo**.

## *Sumusunod tayo sa mga batas sa securities*

Sa paminsan-minsan ay maaaring mayroon kang access sa impormasyon tungkol sa Colgate o iba pang mga kumpanya na ikinakalakal sa publiko kung saan ang Colgate ay gumagawa ng negosyo na hindi alam ng publiko ("hindi-pampubliko") - tulad ng mga pang-pinansiyal o resulta sa operasyon, mga posibleng pagkamit (acquisition), mga divestment o financing, marketing plan o paglulunsad ng bagong produkto.

Ang impormasyon ay itinuring na hindi-pampubliko hanggang sa ito ay sapat nang naisiwalat sa publiko - ang ibig sabihin ay ang impormasyon ay malawak nang naikakalat at sapat na oras na ang lumipas upang ang securities market ay lubusan nang naapektohan ng impormasyon. Kung ang hindi-pampublikong impormasyong ito ay maituturing na "materyal" — iyon ay, impormasyong isasaalang-alang ng isang marunong na investor kung nagdedesisyon ukol sa investment — dapat kang sumunod sa mga sumusunod na batas sa securities at patakaran ng Kumpanya:

- Hindi mo dapat ipagpalit ang para sa iyong sariling account o para sa account ng ibang tao sa mga stock, mga bond o iba pang mga securities ng kumpanya (Colgate o iba pa) na kung saan maii-ugnay ang mga materyal na hindi-pampublikong impormasyon;
- Hindi mo dapat hikayatin o impluwensiyahan ang iba, sa batayang tulad ng naturang mga hindi-pampublikong impormasyon, upang ikalakal ang mga stock, mga bond o iba pang mga securities ng kumpanya;
- Hindi mo dapat ibunyag ang naturang di-pampublikong impormasyon sa mga taong hindi taga-Colgate; at
- Hindi mo dapat talakayin ang naturang hindi-pampublikong impormasyon sa mga taga-Colgate maliban na lamang kung mayroon silang pangangailangan na malaman ang naturang impormasyon.

Ang ibig sabihin ay hindi mo magagamit ang hindi pampublikong impormasyon na natutunan mo sa iyong pag-empleyo sa Colgate upang makinabang ka o ang ibang tao sa anumang transaksiyon sa security o pamumuhunan.

Kapag may matutunan kang hindi pampublikong impormasyon sa pamamagitan ng iyong pagtatrabaho sa Colgate, dapat mong panatilihing lihim ang impormasyon at hindi ka dapat magsagawa ng anumang palitan (o payuhan ang sinumang iba pa na magsagawa ng anumang palitan) sa securities ng Colgate o anumang ibang apektadong kumpanya hanggang ang makatwirang panahon ng oras ay nakalipas matapos ang impormasyon ay naipahayag sa publiko. Kasama sa pagbabawal na ito ang paggamit ng mga opsiyon sa stock at sa anumang mga desisyon na mamuhunan sa o magpakawala ng stock ng Colgate sa pamamagitan ng mga planong benepisyo ng Kumpanya.

Ang iyong obligasyon na panatilihing pagiging lihim ang hindi pampublikong impormasyon ay magpapatuloy matapos ng iyong pagka-empleyo sa Colgate hanggang ang impormasyong iyon ay sapat nang naisiwalat sa publiko.

Kung mayroon kang tanong kung ang impormasyon ay "materyal" o kung sapat na itong naisiwalat sa publiko, kinakailangan mo munang kausapin ang Global Legal Organization at dapat umiwas sa pakikipag-kalakalan sa mga apektadong securities o pagsisiwalat ng impormasyon hangga't hindi mo pa natatanggap ang Legal na pag-apruba.

## *Sumusunod tayo sa mga batas laban sa panunuhol*

Ang pangako ng Colgate na makipagkalakalan sa mga pamahalaan nang naaayon sa batas at sa etikal na pamamaraan ay ipinatutupad sa buong mundo. Pinagbabawalan ng patakaran ng Kumpanya at pati na rin ng Foreign Corrupt Practices Act ("FCPA") ng U.S. at ng katumbas na mga batas sa buong mundo laban sa panunuhol ang ating mga tauhan o ang sinumang kumikilos sa ngalan natin na kaugnay ng ating negosyo na direkta o hindi direktang magbigay o mag-handog ng anumang may halaga sa sinumang opisyal ng pamahalaan upang makakuha ng anumang negosyo o maapektuhan ang anumang pagkilos o desisyon ng pamahalaan.

Ipinagbabawal din ng patakaran ng Kumpanya at ng ilang mga naaangkop na batas ang anumang pampadali o "pampadulas" na kabayaran sa mga opisyal ng pamahalaan, direkta man o hindi direkta, upang pabilisin ang anumang opisyal na serbisyo o paggawa (halimbawa, maliliit na kabayaran sa isang opisyal para mauna sa linya ang aplikasyon ng Colgate o para paikliin ang oras ng mga serbisyo o iba pang mga pagkilos). Ang anumang mga opisyal na kabayaran na suportado ng mga singilin o resibong galing sa pamahalaan ay hindi kwalipikado bilang mga hindi angkop na kabayaran.

Upang masiguro na hindi ka lumabag sa pamantayang ito, direkta man o sa pamamagitan ng isang ikatlong partido, patakaran ng Kumpanya na, maliban na lamang sa legal na kinakailangang bayarin na suportado ng opisyal na resibo (hal. mga bayad sa permit o lisensiya), walang kabayaran, panlibangan, pagbibiyahe, mga regalo o iba pang mga bagay na mahalaga na maaaring ibigay o ihandog sa mga opisyal ng pamahalaan, anuman ang halaga, maliban na lamang kung ang mga ito ay naaprubahan muna ng Global Legal Organization.

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pagsangguni sa **Global Government Expenditures Policy**, at ang kaugnay na **Approval Form**.

Mahalagang malaman na ang terminong "mga opisyal ng pamahalaan" ay malawak ang kahulugan at kabilang dito ang mga empleyado na naka-empleyo sa anumang pampubliko o kaanib ng estadong institusyon o organisasyon o kumikilos sa opisyal na kapasidad sa anumang paraan, kahit sila man ay full-time, part-time o hindi binabayaran. Ang mga opisyal ng pamahalaan ay makikita sa lahat ng sangay at antas ng pamahalaan at pampublikong buhay at maaaring kasama ang sinuman mula sa mababang antas na mga empleyado ng customs hanggang sa mga mataas na ranggong gumagawa ng batas, pati na ang mga propesor at mga guro, dentista, beterinaryo, o ibang mga propesyonal at Mahahalagang Pasimuno sa mga Ideya (Key Thought Leaders) at empleyado ng mga outlet ng media na pag-aari ng estado. Kung ikaw ay nagdududa kung ang isang indibidwal ay maaaring ituring na opisyal ng pamahalaan, kailangan mong kausapin ang Global Legal Organization.

Palaging maging prangka at tapat sa pakikitungo at pakikipag-usap sa mga empleyado ng pamahalaan. Ang anumang alam o kusang maling pahayag sa mga empleyado ng pamahalaan (sa pamamagitan ng pananalita o sa pagsulat) ay maaaring maglantad sa iyo at sa Kumpanya ng makabuluhang parusa.

Bilang karagdagan pa sa pagbabawal sa panunuhol sa mga opisyal ng pamahalaan, ipinagbabawal din ng patakaran ng Kumpanya at ng mga makabuluhang batas ang panunuhol sa mga pribadong partido. Hindi ka dapat magpursigeng impluwensiyahan ang paghuhusga o pag-aasal ng alinmang ikatlong partido na kung saan maaaring may isasagawa kang negosyo ng Kumpanya sa pamamagitan ng mga pangako ng mga regalo, kabayaran o iba pang mga pakinabang, o sa pamamagitan ng anumang iba pang labag sa batas na panghihikayat.

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Government Employees and Governments, na matatagpuan sa **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo**.

## *Sumusunod tayo sa mga regulasyong pangkalakalang internasyonal*

Sumusunod ang Kumpanya sa lahat ng angkop na batas na namamahala sa pandaigdigang pangangalakal at dapat ding sumunod sa makabuluhang regulasyon sa pangangalakal sa U.S. saanman tayo ay may operasyon sa mundo.

Nireregula ng mga batas ng Trade Sanction ang mga pag-aangkat at mga pagluluwas at maaari din nilang pagbawalan ang Kumpanya sa pakikipag-negosyo sa ilang mga bansa o sa ilang mga indibidwal o entidad. Bago iugnay ang anumang ikatlong partido (vendor, mamimili, atbp.), dapat suriin ang ikatlong partido sa listahan ng "Restricted Parties" na minementina ng pamahalaan ng U.S. para matiyak na malaya ang Kumpanyang magpatuloy sa transaksiyon.

Bilang karagdagan pa, dapat sundan ng Kumpanya ang mga batas ng U.S. na idinisenyo upang masiguro na ang mga kumpanya sa U.S. ay hindi sumasali sa mga boycott na hindi pinahihintulutan ng U.S. Ang mga batas na ito ay inilalapat sa lahat ng mga opisina, empleyado, subsidiyariya at mga kaanib ng Colgate

saanman sa mundo sila matatagpuan. Ang anumang kahilingan na sumali sa isang hindi pinahihintulutan na boycott (kahit na tinanggihan natin ang kahilingan) ay dapat kaagad-agad na iulat sa Global Legal Organization para sa nararapat na pag-aasikaso.

Ang mga tauhan ng Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa International Trade Relations, na siyang matatagpuan sa **Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo**.

## *Sumusunod tayo sa mga batas sa pagkapribado ng data at proteksiyon ng data*

Iginagalang ng Colgate ang pagkapribado ng mga empleyado, mga gumagamit ng produkto, mga mamimili, mga supplier at iba pang mga ikatlong partido na may kaugnayan sa negosyo ng Colgate at samakatuwid, responsable nating pinangangasiwaan ang personal na data at ayon sa lahat ng angkop na batas sa pagkapribado ng data at proteksiyon ng data.

Bilang bahagi ng kanilang trabaho sa Colgate, ang mga empleyado ay maaaring magbigay ng tiyak na personal na data sa kumpanya, tulad ng tirahan at e-mail address at impormasyon tungkol sa pamilya para sa pangangasiwa ng relasyong pang-empleyo.

Gayundin, ang mga gumagamit ng produkto natin ay maaaring magbigay ng personal na data tulad ng pangalan, address ng tahanan at e-mail address, kaugnay ng relasyon nila sa Kumpanya.

Sa panahon ng pakikipag-ugnayan sa negosyo sa Colgate, ang mga mamimili, mga supplier at iba pang mga ikatlong partido ay maaaring magbigay sa Kumpanya ng personal na data, tulad ng mga pangalan, mga numero ng telepono, address, e-mail address at impormasyon ng credit card.

Tungkol sa lahat ng impormasyong ito, patakaran ng Colgate na:

- Magbigay ng sapat na abiso bago kolektahin ang personal na data;
- Kumolekta ng pagsang-ayon na pahintulot kung saan inaatas ng naaangkop na batas;
- Tanging kolektahin, iproseso, gamitin at panatilihin lamang ang personal na data para sa dahilang inilaan ito sa atin, maliban na lamang kung mayroon tayong ibang naaayon sa batas na batayan sa iba pang mga paggamit nito, at kung kinakailangan para sa ating mga layunin sa pagtatago ng impormasyon sa mga talaan;
- Gawin ang makatwirang hakbang para mapangalagaan ang personal na data upang maiwasan ang hindi pinahihintulutang pagsisiwalat o paggamit; at
- Sumusunod sa lahat ng angkop na batas ng pagka-pribado.

Ang mga batas tungkol sa pagka-pribado ng data at proteksiyon ng data ay madalas na binubuo at binabago. Dedikado tayo sa pagsusubaybay ng pagbabago-bago ng mga batas ukol sa pagka-pribado ng data at proteksiyon ng data at maaaring, sa pana-panahon, ay gumawa ng mga tiyak na patakaran para sa mga iyon.

Maaaring makakuha ang mga tauhan ng Colgate ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa **Proteksiyon ng Data at Pagkapribado ng Data** na matatagpuan sa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo.

## *Sumusunod tayo sa mga batas sa pagpapanatili ng mga talaan*

Maraming batas sa buong mundo ang nag-aatas na magmentina ang Colgate ng ilang uri ng mga talaan (kabilang ang mga pisikal na dokumento at electronic na data) para sa mga partikular na panahon. Ang kabiguang tumupad sa mga inaatas ay maaaring magresulta sa Kumpanya ng makabuluhang mga singil at iba pang mga

parusa. Dedikado ang Colgate sa isang Programa ng Pangangasiwa ng mga Talaan na tumutugon sa lahat ng angkop na legal at pangregulasyong mga pangangailangan, pinupunan ang mga pangangailangan ng ating negosyo sa pagpapanatili ng talaan, at inaatasan na ang mga paso na o hindi kailangang mga dokumento ay angkop na itinatapon.

Inaatasan kang isiwalat ang makabuluhan at kailangang impormasyon o mga dokumento sa anumang legal na pagkilos, imbestigasyon o pagdinig ayon sa inaatas ng batas. Sa pagtanggap ng anumang subpoena, kautusan ng korte o iba pang legal na prosesong nag-aatas sa pagsisiwalat ng impormasyon ng Kumpanya o mga dokumento, kinakailangan mong sabihan ang Global Legal Organization, hanggang sa abot ng nasasaklawan ng batas.

Sa ganyang kaso, dapat mong sundin ang lahat ng mga tagubilin na inaatas ng Global Legal Organization at panatilihin ang lahat ng mga talaan na maaaring tumutugon o makabuluhan sa subpoena, litigasyon o imbestigasyon, anuman ang mga inaatas ng Record Retention Program. Hindi mo dapat sirain o baguhin ang anumang naturang mga talaan, sapagkat ang hindi tamang pagsira ng mga talaan ay maaaring magdulot ng seryosong mga kinahihinatnan - kabilang ang sibil at/o kriminal na mga parusa, at mga kahihinatnan sa pagtatrabaho, kapwa sa iyong sarili mismo at pati na rin sa Kumpanya.

Kung hindi ka sigurado kung ang isang talaan ay ukol sa isang imbestigasyon, litigasyon o isang subpoena, kausapin muna ang Global Legal Organization bago sirain o itapon ang kinauukulang talaan. Makakakuha ang mga tauhan ng Colgate ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa Pandaigdigang Patakaran sa Programa ng Pamamahala sa Talaan.

## *Hindi tayo nagbibigay ng kontribusyong pampolitika*

Walang mga pondo o ari-arian ng Kumpanya ang maaaring gamitin sa mga kontribusyon sa alinmang partidong politikal o kandidato sa anumang bansa, sa anumang antas ng pamahalaan. Kabilang sa politikal na kontribusyon ang kapwa pera at hindi perang mga kontribusyon. Kabilang sa mga hindi perang kontribusyon ang pagbili ng mga tiket para makalipon ng pondo, donasyon ng mga produkto, aktibidad na pagboboluntaryo ng mga tauhan ng Colgate sa loob ng normal na oras ng negosyo at ang paggamit ng mga pasilidad ng Colgate para sa mga layuning may kaugnayan sa paglipon ng pondo o layuning politikal. Kung may mga tanong ka tungkol sa isang pinag-iisipang politikal na kontribusyon, mangyaring kausapin ang Global Legal Organization.

Pinagbabawalan ang Kumpanya na bayaran o magbalik ng pera sa sinumang tauhan ng Colgate o indibidwal na may kaugnayan sa Kumpanya (kabilang na ang mga taga-labas na lobbyist o iba pang mga ikatlong partido), nang direkta o hindi direkta, sa anumang anyo, para sa kontribusyong politikal.

Ang mga indibidwal na tauhan ng Colgate ay nananatiling malaya na magbigay ng personal na kontribusyon sa mga kandidato o partido na kanilang napili. Ang personal na kontribusyon ay responsibilidad ng indibidwal at hindi kailanman dapat gawin bilang layunin nito na matulungan ang Colgate o ang isa sa nagpapatakbong kumpanya nito sa anumang paraan.

Bilang karagdagan pa, ang mga indibidwal ay malayang sumali sa mga lokal na politikal na aktibidad o kaya mangampanya para mahalal sa isang posisyon ngunit ay dapat na malinaw na hindi nila kinakatawan ang Kumpanya sa

anumang paraan at ang mga personal na politikal na mga aktibidad ay dapat na panatilihing kahiwalay sa kanilang mga trabaho para sa Colgate. Bilang karagdagan pa, walang mga politikal na mga aktibidad na maaaring isagawa sa panahon ng pagtatrabaho sa Kumpanya.

Tulad ng karamihan ng mga kumpanyang multinational, ang Colgate ay kasali sa at nagbabayad ng taunang bayarin sa ilang mga asosasyon sa kalakal at industriya. Upang matiyak na ang mga trade association na ito ay hindi gumamit ng anumang bahagi ng mga bayad ng Colgate para sa mga politikal na kontribusyon, nagpapadala ang Pangunahing Opisyal Para sa Etika at Pagsunod (Chief Ethics and Compliance Officer) ng Colgate ng taunang paalala ng ating patakaran sa lahat ng trade association sa U.S. kung saan ang Colgate ay miyembrong nagbabayad at hinihingi na ang lahat ng mga trade association na nakakatanggap ng sukdulang halaga ng mga pondo ng Colgate ay lumahok sa taunang proseso ng pagsesertipiko.

Para sa karagdagang kaalaman, sumangguni sa ating **Political Contributions Policy**, na makikita sa seksyon ukol sa "Governance" ng colgatepalmolive.com.

# *Ang pakikipag-ugnayan natin sa lipunan*

Mayroon tayong mahalagang tungkulin at responsibilidad na tumulong sa at kumilos para sa pinakamabuting interes ng mga komunidad na kung saan tayo naninirahan at nagtatrabaho.

## Sumasali tayo sa lokal na pagbibigay at pagboboluntaryo

Sa buong mundo ng Colgate, ang layunin natin ay upang maging bahagi ng mga proyekto na makapagpapasulong ng ating layunin na muling pinag-iisipan ang mas malusog na hinaharap para sa lahat ng tao, ang kanilang mga alagang hayop at ang ating planeta – kabilang ang pagpapalago at kapakanan ng ating lokal na mga komunidad. Dedikado tayo sa paniniguro ng kagalingan ng mga pinagsisilbihan natin, ang pagbubuo ng kultura ng pagsasama-sama at paggawa ng makabuluhang mga pagkakataon para sa lahat ng tao na magtagumpay sa loob at labas ng Colgate – at nakikipag-partner tayo sa mga nonprofit na organisasyong katugma sa layunin ng Colgate at nagpapahayag ng mga Pinahahalagahan ng Colgate:

1) Nagbibigay-suporta sa malulusog na pagngiti at malusog na balat;

2) Gumagawa ng mga pang-edukasyong pamamaraan para sa mga iba't ibang mag-aaral at kulang ang representasyon at mga hanapbuhay na kaugnay sa Colgate (pagdedentista, dermatology at pangangalaga ng balat, agham na pang-hayop);

3) Pagbibigay ng Pagkain, Kanlungan, Pagmamahal para sa mga alagang hayop saanman;

4) Pagtataguyod ng pangangalaga sa kapaligiran;

5 Nagbibigay-suporta sa pagkakaroon ng positibong pananaw; at

6) Pagbibigay ng Tulong sa Sakuna at Pang-emergency na Pangangalaga sa mga Colgate na komunidad.

Itinaguyod ng Kumpanya ang mga programa sa pagbabasa, mga inisyatiba sa pagtuturo, mga programang pang-scholarship, mga kompetisyong pang-palakasan at iba pang mga aktibidad sa buong mundo. Hinihikayat din ng Kumpanya ang ating mga tauhan na sumali sa kanilang sariling panahon sa mga lokal na aktibidad na mapagkawanggawa na makatutulong sa magampanan ang ating layunin.

## Nakikipagtulungan tayo sa mga pamahalaan sa mga paksang nakaka-apekto sa ating negosyo

Ang Kumpanya natin ay nagnenegosyo sa mahigit sa 200 bansa at mga teritoryo. Patakaran natin na makipagtulungan sa mga lokal at pambansang mga pamahalaan. Pana-panahon, maaaring may mga nagaganap na pangyayaring makaka-apekto sa ating mga operasyon. Pagkatapos ng masusing konsiderasyon, ang Kumpanya ay maaaring magbigay ng mga opinyon at rekomendasyon sa mga pamahalaan tungkol sa mga partikular na paksa upang suportahan ang mga layunin at pangangailangan natin sa negosyo. Gayunpaman, hindi ito dapat maganap hangga't hindi muna kinukunsulta ang iyong manager at ang Global Legal Organization.

## Tutol tayo sa mga gawi sa pagpapatrabaho na mapagsamantala at hindi makatao

Tutol ang Colgate sa labag sa batas na pagpapatrabaho sa bata, sa pagsasamantala sa mga tao, at sa lahat ng iba pang uri ng hindi katanggap-tanggap na pagtrato sa mga manggagawa.

Karagdagan pa dito, patakaran ng Colgate na huwag makipagkalakalan sa alinmang supplier

o contractor na kilalang gumagamit ng hindi makataong kagawian sa pagtatrabaho kabilang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Pagsasamantala
- Pisikal na Pagpaparusa
- Pang-aabuso
- Pagtatrabaho ng mga nakabilanggo, obligadong pagtatrabaho at/o pagtatrabaho ng alipin
- Hindi boluntaryong paninilbihan
- Anumang uri ng pagpapadala ng tao upang sila ay mapagsamantalahan o
- Iba pang uri ng mga maling pagtrato

Hindi pinapayagan ng Colgate ang paglabag sa mga batas sa pagtatrabaho at kung ang anumang paglabag ay nalaman ng Kumpanya, maaaring ituring itong batayan ng pagtatapos ng kaugnayan sa negosyo.

## *Ipinapakita natin ang paninindigan natin sa pandaigdigang karapatang-pantao*

May pangmatagalang paninindigan ang Colgate sa paggalang sa mga karapatang pantao at karapatan sa pagtatrabaho sa buong mundo at sinusuportahan ang United Nations Universal Declaration of Human Rights at isang nagtaguyod na miyembro ng Global Sullivan Principles. Dedikado rin ang Colgate sa Resolution on Forced Labor ng Consumer Goods Forum at ipinatupad ang Priority Industry Principles nito. Ipinapakita ng mga pangakong ito na kagawian ng Colgate na magsusumikap na makipagkalakalan sa mga katuwang sa negosyo na nagsusulong ng mga sumusunod na pamantayan:

- ✔ Pantay-pantay na oportunidad para sa lahat ng empleyado sa lahat ng antas maging anupaman ang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, pagkatao ng kasarian, bansang pinagmulan, pagkamamamayan, etnisidad, edad, oryentasyong sekswal, kapansanan, katayuan sa pag-aasawa o pamilya, kalagayan sa pagka-beterano o anumang iba pang katangiang protektado ng batas;
- ✔ Isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho na nagtataguyod ng mahusay na kalagayan at nag-iingat sa kapaligiran;
- ✔ Sahod na sumusunod sa lahat ng angkop na batas at regulasyon;
- ✔ Pagtupad sa legal na kinakailangang oras ng trabaho at bayad sa oras ng overtime ayon sa mga lokal na batas;
- ✔ Paggalang sa naaayon sa batas na kalayaan ng mga empleyadong sa pakikipag-ugnayan at pagkilala sa lahat ng legal na karapatan sa magkakasamang pakikipagtawaran;
- ✔ Pag-recruit, pag-hire at proseso ng pag-empleyo na hindi inaatasan ang mga trabahador na magbayad ng anumang bayarin o deposito (pera man o hindi) kabilang ang sa anumang ahensiya, recruiter o broker;
- ✔ Ang proseso ng pag-recruit, pag-hire at pagtatrabaho na, maliban kung hinihiling ng batas, ay hindi nangangailangan na ang mga manggagawa na isuko ang mga orihinal na dokumento ng pagkakakilanlan, mga dokumento sa paglalakbay o anumang iba pang personal na dokumento o mga mahahalagang bagay, o iba pang paghihigpit sa kanilang kalayaan sa paggalaw;
- ✔ Pag-empleyo base sa malaya at may kabatirang pahintulot ng empleyado para pasukan at wakasan ang relasyon sa pagka-empleyo; at
- ✔ Ang pagbabayad ng sahod, sa buong relasyon sa pag-empleyo at sa pagwawakas ng pag-empleyo, alinsunod sa mga tuntunin ng kontrata o ayon sa inaatas ng batas.

# *Ang pakikipag-ugnayan natin sa kapaligiran*

Dedikado tayong kumilos nang may kapananagutan at gawin ang ating bahagi para tumulong na mapreserba ang limitadong kagamitan sa mundo at pagmementina ng kahusayan ng kalagayan ng ating planeta.

## *Dedikado tayo sa pagpapanatili ng pagka-nasusustena at responsibilidad sa lipunan*

Sa Colgate, dinadala natin ang kaparehong matalas na pagtuon sa pagpapanatili na ating inilalapat sa bawat aspeto ng ating negosyo. Laging sinusuportahan ng Colgate ang mga prinsipyo ng pagpapanatili, at ating mga pangunahing pinahahalagahan - Mapag-alaga, Pandaigdigang Pagtutulungan at Tuloy-Tuloy na Pagpapabuti - ay gumagabay sa ating mga pagsusumikap sa pagpapanatili. Binibigyang-tuon natin ang ating mga ambisyon sa Pagsulong ng Epekto sa Lipunan, Pagbibigay-tulong sa Milyon-milyong mga Kabahayan at Pagpreserba ng ating Kapaligiran.

Karagdagan pa dito, dedikado tayo na makamit ang ating layuning may kaugnayan sa pandaigdigang pagka-nasusustena na masiguro na ang negosyo ng Colgate ay palagian at tuloy-tuloy na lalago at nang may responsibilidad at nakapagdudulot ng pakinabang sa lahat ng mga stakeholder na pinaglilingkuran natin, kabilang ang ating mga empleyado, mga may-ari ng sosyo, mga gumagamit ng ating produkto, ang ating mga mamimili, at iba pang stakeholder sa buong mundo, habang isinusulong ang kapakanan ng mga susunod pang henerasyon.

Sa mga nakaraang taon, ang ating paninindigan sa pagpapanatili ng pagka-nasusustena ng at responsibilidad sa lipunan ay nadagdagan dahil ating isinali ang mga ambisyon na ito sa mga operasyon ng ating negosyo at sa ating estratehiyang plano ng pagpapalago. Pinalakas ng mga pinagsama-samang pamamaraang ito ang ating mga epekto sa pagpapanatili ng pagka-nasusustena at responsibilidad sa lipunan, at ang ating pagganap sa trabaho, na tutulong sa ating mag-recruit at magpanatili ng pinaka-talentadong tao, na magpapabuti sa ating mga relasyon sa ating mga stakeholder, at maghahandog ng mga bagong oportunidad para sa pagbabago. Siguro ang pinakamahalaga, ang paninindigang ito ay nakapukaw ng loob at nakatawag-pansin sa mga tauhan ng Colgate sa buong mundo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa at mga inisyatiba ng kakayahang mapanatili ng Kumpanya, bisitahin ang colgatepalmolive.com upang mapag-aralan ang aming **pag-uulat tungkol sa kakayahang mapanatili (sustainability report)** na kung saan ibinabalangkas namin kung paano natin tutuparin ang ating layunin na makakita ng isang mas malusog na hinaharap para sa lahat ng tao, ang kanilang mga alagang hayop at ang ating planeta.

## *Binabantayan natin at pinoprotektahan ang kapaligiran*

Dedikado ang Kumpanya sa paggawa ng ating tungkulin para tumulong na mailigtas at mapreserba ang mga may hangganang kagamitan ng Lupa. Ang ating mga paninindigan na kaugnay ng planeta ay sumasakop sa ating paggamit sa enerhiya, mga carbon emission, paggamit ng tubig at pagresiklo at pagtatapon ng basura. Kung gayon, ang bawa't isa sa atin ay dapat mahigpit na sumunod sa mga titik at espirito ng mga naaangkop na batas at regulasyong pang-kapaligiran at sa mga patakarang pampubliko na kanilang kinakatawan.

Tayo ay nagsusulong ng bukas na pakikipag-usap sa publiko at pananatiliin ng isang aktibo at produktibong pakikipagtuwangan sa mga komunidad kung saan tayo ay may operasyon. Patuloy tayong magbabahagi ng mga impormasyon sa mga gumagamit ng produkto tungkol sa ating mga istratehiya at programang pangkapaligiran, at makikipagtulungan sa mga pinuno ng komunidad at iba pang mga tao na may paninindigan din na katulad ng atin.

Ang ating nagtutuloy-tuloy na estratehiya upang mabawasan ang bakas na iniwan natin sa kapaligiran ay mananatiling isang mahalagang bahagi ng paglikha, pagpapakete, pamamahagi at pagbebenta ng ating mga produkto.

# *Ang pakikipag-ugnayan natin sa ating mga may-ari ng sosyo (shareholders)*

Nagsusumikap tayo na mapagsilbihan ang pinakamabuting interes ng ating mga may-ari ng sosyo at determinado tayong bumuo ng kahalagahan sa may-ari ng sosyo sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga makabagong produkto na nagbibigay-benepisyo sa mga tao, sa kanilang mga alagang hayop, at sa ating planeta.

## *Ipinatutupad Natin ang Mabuting Pamamahala ng Korporasyon*

Ang mga patakaran at programa ng pangangasiwa ng korporasyon ng Kumpanya, kung saan ang Koda ng Pag-Aasal na ito ay isang mahalagang bahagi, ay tumatayo bilang isang importanteng tagapagbantay ng may-ari ng sosyo. Kamakailan lamang, maraming pagsusuri at pagbabalanse ang ipinatupad na ng batas ng Kongreso, ng U.S. Securities and Exchange Commission, ng New York Stock Exchange, at ng iba pang mga tagapagsaayos at awtoridad sa buong mundo upang maisulong ang pag-uugali sa korporasyon na sumusunod sa etika na naging pamantayan nang kagawian sa Colgate sa loob ng maraming taon. Ang ating mga may-ari ng sosyo ay mahusay na pinaglilingkuran ng isang malayang lupon, na binubuo ng isang sapat na mayorya ng mga independiyenteng direktor at ng mga independiyenteng komite na nangangasiwa sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa pag-aawdit, pagbabayad, at pamumuno. Malinaw na ipinaliwanag ng mga madalas na isapanahon na panloob na dokumento at mga patnubay sa pangangasiwa ang mga tungkulin at responsibilidad ng direktor at ang mga prinsipyo ng Kumpanya sa pangangasiwa ng korporasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng pangangasiwa ng korporasyon ng Kumpanya, mangyaring tingnan ang Mga Alituntunin ng Lupon sa mga Isyu na may Kaugnayan sa Makabuluhang Pangangasiwa ng Korporasyon at mga charter ng Audit Committee ng Kumpanya, ang Komite ng Pag-nominate, Pangangasiwa at Responsibilidad ng Korporasyon, ang Komite ng mga Tauhan at Organisasyon at Komite ng Pinansiya.

## *Tayo ay nagpapanatili ng mga matatatag na programa sa pag-aawdit para madagdagan ang tiwala ng imbestor*

Dedikado ang Kumpanya sa kalidad, integridad at pagiging bukas sa pagsisiyasat ng mga ulat-pinansiyal nito. Ang paninindigang ito ay nakikita sa mga matatagal nang mga patakaran at mga pamamaraan ng Kumpanya, kabilang ang isang grupong panloob na audit na nagmamasid ng mga pinansiyal na kontrol sa buong mundo, mga independiyenteng tagasuri na may malawakang nasasakupan, at isang independiyenteng Audit Committee na sumusubaybay ng mga larangang ito. Upang maabot ang pinakaganap na pagka-epektibo ng mga naturang napagkukunan (mga resources), ang mga tauhan ng Colgate ay inaasahang makikilahok sa isang bukas at tapat na pakikipag-usap at sa isang malayang pagpapalitan ng impormasyon sa mga tagasuring panloob at panlabas at sa Audit Committee.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga mahahalagang papel na ginagampanan ng mga panloob na tagasuri ng Kumpanya, mga independiyenteng tagasuri at ng Audit Committee, mangyaring tingnan ang **Audit Committee Charter**.

## *Palagi nating ipinaaalam sa mga may-ari ng sosyo ang tungkol sa progreso ng kumpanya*

Ang bawat may-ari ng sosyo ay iniimbitahang dumalo sa taunang pulong ng Kumpanya kung saan ang progreso ng Kumpanya sa loob nang nakaraang taon ay binabalik-aral at ang mga may-ari ng sosyo ay may pagkakataong magtanong sa nakatataas na pangasiwaan ng Kumpanya. Sa mga pagitang buwan, maaaring bumisita ang mga shareholder sa **The Investor Center** na seksiyon sa website ng Kumpanya.

# *Ang ating responsibilidad para magsalita*

Pinananatili natin ang pinakamataas na mga etikal na pamantayan sa pamamagitan ng ating mga pananalita at pagkilos at sa pagtutol sa pag-uugali ng iba na kasalungat sa ating Koda ng Pag-aasal, Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo at mga patakaran ng Kumpanya.

## Mahalaga na ang mga pakikipag-usap ay malinaw

Ang bawat isa sa atin ay may pananagutan na sumunod sa mga pamantayan ng etikal na pag-aasal ng Kumpanya, sa lahat ng mga angkop na batas at regulasyon, at sa mga panuntunan na nasa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo at pati na rin sa iba pang mga patakaran, pamamaraan at panuntunan ng Kumpanya.

Ang mga manager ay may responsibilidad na ihayag ang mga pamantayang ito sa mga tauhan ng Colgate na katrabaho nila, upang masiguro na bumubuo sila ng isang kapaligiran kung saan ang mga tao ay malayang nakakapagtalakayan tungkol sa mga paksang etikal at legal.

## May mga panloob tayong dulugan para matulungan ka kung kailangan mo ng gabay o suporta

Hindi masasagot ng Koda ang lahat ng mga katanungan. Dahil diyan, kailangang sa pinakahuli ay umasa tayo sa mahusay na pagpapasiya ng bawat tao tungkol sa kung ano ba ang kailangan upang makasunod sa matataas na pamantayan ng Kumpanya, kabilang na ang kaalaman kung kailan nararapat na humingi ng gabay ukol sa wastong pagkilos. Kung mayroon kang mga katanungan o kung ikaw ay nagdududa tungkol sa pinakamahusay na kurso ng pagkilos sa partikular na sitwasyon, mangyaring humingi ng gabay ayon sa nakalarawan sa ibaba:

## Saan ako pupunta kung kailangan ko ng tulong?

**Ang Iyong Manager**
Kausapin ang iyong manager o ang isang miyembro ng namumunong koponan ng iyong organisasyon upang talakayin ang mga alalahanin o kung mayroon kang mga katanungan.

**Human Resources**
Ang iyong lokal na kinatawan ng Human Resources ay isa pang mahalagang dulugan para sa payo.

**Legal**
Makipag-ugnayan sa miyembro ng Global Legal Organization sa anumang mga tanong sa pagsunod para kumuha ng payo/tulong sa interpretasyon ng mga batas, regulasyon o mga patakaran.

**Ethics & Compliance**
Makipag-ugnayan sa Ethics & Compliance para magtanong, kumuha ng gabay kung paano inilalapat ang Koda sa partikular na sitwasyon o para magsalita (“Speak Up”) tungkol sa potensiyal na maling pag-aasal.

## Nangangailangan ng katapangan para makapagsalita

Kung may alam ka, o mayroon kang magandang dahilan upang maghinala ng isang paglabag sa Koda, sa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo o sa iba pang mga patakaran ng Kumpanya, iniaatas sa iyo na agad mong iulat ang impormasyon sa iyong manager, sa Human Resources, Global Ethics and Compliance o sa Global Legal Organization. O kaya naman, maaari ka rin namang pumunta sa mga nakatataas na pangasiwaan nang walang takot na ikaw ay paghihigantihan.

**EMAIL**
ethics@colpal.com

**WEB TOOL**
https://colpal.ethicspoint.com/

**VOICEMAIL**
(800) 778-6080
(walang bayad mula sa US, Canada at Puerto Rico) +1 (212) 310-2330 (ang tawag ay "collect" kapag nagmumula sa iba pang mga lugar)

**MAIL**
Global Ethics & Compliance
Colgate-Palmolive Company
300 Park Ave,
New York, NY 10022

**MOBILE APP**
Maaaring i-download mula sa CP App Store

**QR Code**

## Paano ko masisiguro na walang negatibong pagkilos na gagawin laban sa akin?

### Patakaran na hindi gaganti

Patakaran at kagawian ng Colgate na panatilihin ang pinakamatataas na pamantayang etikal at makalikha ng isang lugar sa trabaho na malaya sa mga hindi naaangkop o labag sa batas na pag-uugali, kung saan ang mga tao ay hinihikayat na magbahagi ng kanilang mga alalahanin sa Kumpanya nang walang takot na gagantihan o babalikan. Alinsunod dito, walang taliwas na aksiyon na gagawin laban sa sinumang empleyado, dating empleyado, ahente o taga-ikatlong panig, dahil sa pagrereklamo tungkol sa, pag-uulat ng, pagsali o pagtulong sa imbestigasyon ng isang pinaghihinalaang paglabag sa Koda ng Pag-Aasal ng Kumpanya, sa patakaran ng Kumpanya o sa mga naaangkop na batas, maliban na lamang kung ang paratang o ang ibinigay na impormasyon ay nadiskubreng sinadyang hindi totoo o kaya ay ginawa para sa isang hindi mabuting layunin. Sa abot-makakaya, pananatilihin ng Colgate na lihim ang lahat ng mga reklamo. Ang lahat ng mga paratang ng pagganti ay iimbestigahan, at kung naaangkop, magpapataw ng isang pagkilos na pang-disiplina, na aabot sa, at kabilang ang, pagkatanggal sa trabaho.

Ang lahat ng impormasyong inilaan sa Global Ethics and Compliance ay nirerepaso at kung kaugnay ito ng Koda, ang usapin ay mabilisan at masusing iniimbistigahan ng Global Ethics and Compliance at/o ng Global Legal Organization. Napakahalaga na ang mga nag-uulat na tao ay hindi magsagawa ng sarili nilang imbestigasyon, sapagkat ang mga imbestigasyon ay maaaring magsangkot ng mga masasalimuot na isyung may kaugnayan sa batas. Ang iyong mag-isang pagkilos ay maaaring mapalagay sa kompromiso ang integridad ng isang imbestigasyon at magdulot ng taliwas na epekto sa iyo at sa Colgate.

Ang mga pag-uulat ay maaaring gawin nang walang pagkakakilanlan kung saan ipinahihintulot ng lokal na batas. Ngunit, hinihikayat ka namin na ipakilala ang iyong sarili kapag tumatawag upang matulungan kaming mapabilis o mapadali ang imbestigasyon at pagsubaybay. May mga batas sa ibang mga bansa na nagrerestrikta sa uri ng impormasyon na maaari mong iulat. Kung ang mga batas na ito ay angkop sa iyong sitwasyon, papupuntahin ka ng isang kinatawan ng Global Ethics and Compliance sa isang tao sa pangkat ng iyong negosyo na makakatulong sa iyo sa iyong mga katanungan o alalahanin.

Gayunpaman, tandaan na kung gusto mong magpakilala, gagawin ng Kumpanya ang lahat ng kanyang magagawa para maitago ang pagkakakilanlan ng indibidwal at ang isinumiteng impormasyon ay pananatilihing lihim at isisiwalat lamang ang impormasyon sa kinakailangang malaman ("need-to-know") na batayan kapag ang pagsisiwalat ay:

- Kinakailangan upang makapagsagawa ng isang epektibong imbestigasyon, sagutin ang iyong mga tanong o maisagawa ang isang nararapat na pagkilos; o
- Kung hindi man ay kinakailangan base sa naaangkop na batas.

Ang isang ulat o reklamo ay maaaring maglaman ng personal na data. Para sa layunin ng pag-iimbestiga ng isang paglabag o pinaghihinalaang paglabag, ito ay maaaring kailanganin, sumailalim sa lokal na batas para ilipat ang personal na data na nakolekta sa isang bansa sa ibang mga bansa, kabilang ang Estados Unidos. Sa mga ganitong kaso, ang personal na data ay maaaring gamitin ng mga empleyado ng Kumpanya at mga entidad ng Colgate na sumasali sa mga operasyon ng Global Ethics and Compliance upang imbestigahan ang ulat, pero sa loob lamang ng naturang panahon na makatuwirang kailangan para sa layuning ito (at pagkatapos, ang naturang personal na data ay sisirain o itatapon na o pananatilihin lamang kung iaatas ng patakaran ng Kumpanya o ng batas).

## *Ang Proseso ng Pag-iimbestiga ng Global Ethics and Compliance*

Inaasahan ang mga tauhan ng Colgate na ibigay ang kanilang kumpletong pakikipagtulungan kapag bahagi ng anumang imbestigasyon ng Kumpanya.

**Ang Imbestigador**
ay itinalaga base sa kanyang kagalingan sa kaugnay na paksa at pagiging patas at walang kinikilingan

**Ang mga natagpuang katotohanan**
ay binubuo batay sa nakolektang impormasyon

**Ang Pangkalahatang Pagpuna**
tungkol sa kinalabasan ng imbestigasyon ay ibinibigay




**Ang mga Panayam ay Isinasagawa**
at ang mga dokumento ay pinag-aaralan ng Imbestigador

**Ang mga aksiyon na pagtatama**
ay inirerekomenda batay sa mga natagpuan

## *Ano ang mangyayari kapag ang mga tauhan ng Colgate ay "makipag-usap" sa Global Ethics and Compliance*



**Mga halimbawa ng mga alalahanin na sa pangkalahatan ay hindi dapat iulat sa Global Ethics and Compliance:**

- Bonus na Plan o Bonus Payout
- Isyu sa Payroll
- Mga Leave o Oras ng Bakasyon
- Mga Indibiduwal na Layunin
- Schedule ng Trabaho o Pagbabago ng Shift
- Pagpasok sa Trabaho ("Attendance")
- Benepisyong Medikal o Kapansanan

Ang mga ganitong klase ng alalahanin ay karaniwang dadalhin sa atensiyon ng Human Resources.

## *Mga aksiyong pang-disiplina na maaaring isagawa*

Ang kumpanya ay may patakaran na "walang pahihintulutan" (o "zero tolerance") sa anumang pag-aasal na labag sa Koda o sa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo.

Nangangahulugan ito na kung ang isang paglabag ay naberepika na, ang mga naaangkop na aksiyon na katugma sa uri at lawak ng paglabag ay isasagawa.

**Kabilang sa mga aksiyon na maaaring isagawa ang mga sumusunod:**

- Pagpapabuti ng proseso
- Paglago o pagbabago ng patakaran
- Istratehiya sa pakikipag-usap
- Pagtatalaga ng isang coach o tagapagturo
- Aksiyong pang-disiplina
- Pagwawakas ng pag-empleyo

Walang indibidwal o manager sa Kumpanya ang may awtoridad na gumawa ng kahit anong pag-aasal na hindi ayon sa Koda, o magbigay ng awtorisasyon, direktahan, magpahintulot o magpalagpas ng ganoong uri ng pag-aasal sa iba pang tao. Dahil dito, layunin ng Kumpanya na maiwasan ang pagkakaroon ng pag-aasal na hindi sumusunod sa Koda o sa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo at ihinto ang anumang naturang pag-aasal na maaaring mangyari sa lalong madaling makatuwirang panahon pagkatapos na ito ay madiskubre. Ang mga tauhan ng Colgate na lumabag sa Koda o sa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo ay maaaring sumailalim sa mga pagkilos na pang-disiplina, na aabot sa at kabilang na ang pagkatanggal sa trabaho, alinsunod sa lokal na batas.

## *Ang Koda ay naaangkop sa lahat ng mga tauhan at aktibidad ng Colgate*

Ang pagsunod sa Koda ng Pag-Aasal at sa Mga Gabay para sa Pagsasagawa ng Negosyo ay susubaybayan ng Global Ethics and Compliance Department. Ang Departamento ay nag-uulat sa Chairman, Presidente at Chief Executive Officer at sa Chairman ng Audit Committee ng Lupon ng mga Direktor ng Colgate tungkol sa pagtatatag, pagsasagawa at pagpapatupad ng Koda ng Pag-Aasal at mga kaugnay na programa. Ang impormasyong iniulat sa Global Ethics and Compliance Department o sa pamamagitan ng iba pang paraan ay, ayon sa naaangkop, lihim na ipahihiwatig sa Audit Committee. Inilalapat ang Koda sa lahat ng taong nagtatrabaho sa Kumpanya ng Colgate-Palmolive at mga subsidiyarya nito kabilang ang mga opisyal. Ang mga kopya ng Koda ay nasa online, sa ating panloob na intranet site, at pati na rin sa ating panlabas na website. Ipinapakita ng mga tauhan ng Colgate sa buong mundo ang kanilang paninindigan sa pagsunod at sa mga pamantayang etikal ng Kumpanya sa pamamagitan ng taon-taon na pagsali sa pagsasanay at sertipikasyon sa Koda ng Pag-Aasal.

## *May tanong?*
## *Ituturo ka namin sa tamang direksiyon.*

Ano ang mga alituntunin ng Kumpanya tungkol sa pagbibigay o pagtanggap ng mga regalo?

Nag-aalala ako na baka may maghiganti laban sa akin. Ano ang patakaran ng Kumpanya?

Ano ang mga inaasahan ng Kumpanya tungkol sa paggamit ng social media ng mga tauhan ng Colgate?

Bilang isang manager ng mga tauhan, paano ko maipapakita ang etikal na pamumuno?

Ano ang patakaran ng Kumpanya tungkol sa panliligalig (harassment)?



Anu-ano ang mga opsiyon na maaari kong mapagpipilian kung kinakailangan kong “Magsalita”?

Ayos lang ba para sa akin na kumuha ng ikalawang trabaho sa labas ng Colgate?

Ano ang propriyetaryong impormasyon?

COLGATE-PALMOLIVE COMPANY

300 Park Avenue
New York, NY 10022
212-310-2000
www.colgatepalmolive.com